1

BIYERNES

OKTUBRE

**Job 38:1, 12-21; 40:3-5**
Salmo 139:1-3, 7-8, 9-10, 13-14ab
Lucas 10:13-16

*Saan nandoon ang daan na patungo sa tahanan ng liwanag, at tungkol sa kadiliman... – Job 38:19*

# IPAKITA OR ITAGO?

Isang araw habang nasa Misa, napangiti ako. Ang pari ay panot tulad ng mga laruang holen ng anak ko. Katabi niya ang sakristan na kalbo rin ngunit di halata dahil may suot siyang peluka. Bulong ko sa asawa ko, "Natatanaw mo sa pari at sa sakristan niya ang pagtanda ko. Ano ba ang mas gusto mo, *Option* A o *Option* B? *Option* A kung saan ipakikita ko ang pagkapanot ko, o *Option* B na itatago ko at magsusuot ako ng peluka?"

Natawa ang asawa ko at pabiro niya akong kinagalitan. "Shhh! Makinig ka na. Nasa Misa pa tayo." Pero sadya naman akong dumalo't nakinig sa Misa.

Ang Misa ay ang sentro ng pananampalataya natin bilang Katoliko. Ipinagdiriwang natin dito ang pagkatalo natin — ang pagkamatay ni Jesus sa krus. Hindi natin ikinahihiya ang pagkatalong ito — nagpapakasaya pa tayo dahil dito.

Sa buhay natin, pinipili natin ang paglalantad o pagtatago ng kahinaan natin, ang pumunta sa liwanag o manatili sa dilim. Ang tumatanggap ng totoong pagkatao nila ang siyang may kakayahang ipakita ito sa iba.

Magsisimula kang maghilom kung matututunan mong tanggapin ang kahinaan mo't pagiging makasalanan. Ano ang pipiliin mo?

*Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: May itinatago ka pa ba? Dalhin mo ito sa liwanag upang magsimula ang paghilom mo.

*Panginoon, bigyan Mo ako ng lakas ng loob na tanggapin at aminin ang kahinaan ko upang ako'y maghilom sa pamamagitan ng kapangyarihan Mo.*

***San Rafael Crockett, ipanalangin mo kami.***

# 2
SABADO
OKTUBRE

Exodo 23:20-23 (Job 42:1-3, 5-6, 12-17)
Salmo 91:1-2, 3-4ab, 4c-6, 10-11
(o Salmo 119:66, 71, 75, 91, 125, 130)
**Mateo 18:1-5, 10 (o Lucas 10:17-24 )**

*Paggunita sa mga Anghel de la Guardia*

*"Tandaan ninyo ito: kapag hindi kayo nagbago at tumulad sa mga bata, hinding hindi kayo mabibilang sa mga pinaghaharian ng Diyos..." – Mateo 18:3-4*

## GAYA NI CAIRO

Cairo ang pangalan niya at siya ang gumanap na anak ni Joseph sa pagtatanghal ng *Trumpets Productions* ng "*Joseph the Dreamer*" noong 2006 sa Megamall.

Isang araw, pinakiusapan ko si Cairo na masahihin ako. Biniro ako ng mga kasamahan namin at sinabing dapat ko raw bayaran si Cairo. Inabutan ng isa sa mga kaibigan ko ng P100 si Cairo. Nag-alangan ako kasi baka magalit ang mga magulang ni Cairo kung bibigyan ko siya ng pera. Sinabi ko na lang, "Mahal ako ni Cairo kaya libre lang ang pagmasahe niya sa akin."

Makalipas ang ilang oras, nakita ko si Cairo na pinaglalaruan ang isang P100. Akala ko'y kinuha ito ng kaibigan ko mula sa *wallet* ko at binigay kay Cairo kaya bigla kong inagaw ito sa kanya.

Tinanong ko si Cairo, "Saan nanggaling 'yang P100?"

Sagot ng bata, "Binigay ni Dad 'yan sa akin kaninang umaga."

Sabi ko, "Bakit di mo sinabi sa akin kaagad?"

Nabagabag ako sa sagot niyang, "Eh kasi, akala ko kailangan mo yung pera."

Haay... ang maging tulad ng isang bata.

Panginoon, gawin Mo akong tulad ni Cairo. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Anong mga katangian ng isang bata ang nais mong makamtan muli?

*O Diyos, gawin Mo akong tulad ng isang musmos muli.*

***San Teofilo, ipanalangin mo kami.***

**3**
LINGGO
**OKTUBRE**

Habacuc 1:2-3; 2:2-4
Salmo 95:1-2, 6-7, 8-9 (8)
2 Timoteo 1:6-8, 13-14
**Lucas 17:5-10**

*"Kung maging sinlaki man lamang ng butil ng mustasa ang iyong pananalig sa Diyos, masasabi niyo sa puno ng sikomorong ito, 'Mabunot ka, at matanim sa dagat!' at tatalima ito sa inyo. – Lucas 17:6*

# TULAD NG BUTO NG MUSTASA

Lubos na nalungkot si Gloria nang bumalik na sa Amerika ang kasintahan niyang Amerikano matapos itong mag-aral ng medisina dito sa Pilipinas. Pero sa pag-alis nito, nangako itong ipepetisyon si Gloria at ang anim na taong gulang na anak niya.

Maraming buwan ang lumipas na hindi sumulat o tumawag man lang si John kay Gloria. Patuloy na nagdasal si Gloria. Pagkatapos ng anim na buwan, nakatanggap ng tawag si Gloria mula sa Embahada ng Estados Unidos — napatupad na ang petisyon ni John para sa kanila ng anak niya. Ang kailangan niya lang gawin ay pumunta sa opisina upang pirmahan ang mga papeles.

Labinlimang taon nang kasal sina John at Gloria ngayon at nagbunga na ng isang anak na babae ang pagsasama nila noong nagbakasyon ako sa kanila sa California. Umamin si Gloria na nag-alala siya noong unang alis ni John pero nanalig siya sa katotohanang ibinigay ng Diyos si John sa kanya, para sila'y masayang magsama bilang mag-asawa at magkapamilya.

Ibinahagi ni Gloria ang patuloy na kasiyahan ng buhay niya sa piling ni John. Mahal na mahal siya ni John at isa itong mabuting asawa't ama. Wala na siyang ibang nais pa.

Ang pananalig ni Gloria ay tulad ng buto ng mustasa. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Pagninilay: May isang bagay ba sa buhay mo ngayon na nagtuturo sa iyong magkaroon ng malalim na pananampalataya?

*Panginoon, turuan Mo akong manalig sa Iyo lalo na sa mga pagkakataong di ko nakikita ang galaw ng Iyong mga kamay sa aking buhay.*

***San Widrado, ipanalangin mo kami.***

**4**

LUNES

**OKTUBRE**

Mga Taga-Galacia 1:6-12
Salmo 111:1b-2, 7-8, 9, 10c
**Lucas 10:25-37**

*"Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na naparaan doon. Nakita niya ang hinarang at siya'y nahabag. – Lucas 10:33*

# ALAM KO ANG PAKIRAMDAM!

Bakit kaya ang Samaritano pa ang tumulong at nag-aruga sa lalaking nasa bingit ng kamatayan imbes na ang mga kilalang mga relihiyosong tao? Malakas ang kutob ko — tanging ang Samaritano lang ang nakadama ng nadama ng lalaki.

Ang mga Samaritano ay itinuring na kalaban ng mga Hudyo. Ang di pagpansin ng isang Hudyo sa Samaritano ay itinuturing na pagpapakita ng awa at pagkahabag. Kaya alam ng Samaritano kung ano ang pakiramdam ng isang di pinapansin. Kaya't nang makita niya ang lalaking bugbog-sarado, kaagad niya itong tinulungan. Nagmagandang-loob ang Samaritano kasi naintindihan niya ang sakit na naramdaman ng sugatang lalaki.

Sino ba sa palagay mo ang mas makaiintindi sa mga adik kundi mga dating adik din? Sino ang mag-aaruga sa mga biktima ng panghahalay kundi ang mga taong nakaranas ng pang-aabuso ng iba? Sino ang makaiintindi sa mga pasyenteng may kanser kundi ang mga napagtagumpayan ang kanser? Sino ang makatutulong sa mga naulila kundi ang mga naulila rin?

Sa Panginoon, walang pasakit ang nasasayang. Ginagamit Niya ang mga pasakit upang turuan tayong umintindi at tumulong sa mga tulad nating sugatan. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

**Pagninilay:** May kakilala ka bang taong nasaktan gaya mo? Paano mo matutulungan ang taong ito?

*Panginoon, ako'y nasasaktan. Sa halip na maawa ako sa sarili ko, bigyan Mo ako ng lakas na tumulong sa mga sugatang gaya ko.*

***Sta. Domnina, ipanalangin mo kami.***

Mga Taga-Galacia 1:13-24
Salmo 139:1b-3, 13-14ab, 14c-15
**Lucas 10:38-42**

*"Ngunit isa lamang ang talagang kailangan. Pinili ni Maria ang lalong mabuti, at ito'y hindi aalisin sa kanya." – Lucas 10:42*

# PUSONG SUMASAMBA, MGA KAMAY NA NAGLILINGKOD

Ang pagsamba sa Diyos ang nagtulak sa aking pumunta sa mga *prayer meeting*. Walang pagkakataong natatapos ang isang sesyon ng pagpupuri na hindi ako lumuluha. Pero nagbago ang lahat nang magkaroon ako ng *ministry*. Naging matapat ako sa lahat ng gawaing ibinigay sa akin at di nagtagal ay naging tagapamuno ako ng pagpupuri. Unti-unti ang paghahangad ko na papurihan ang Panginoon ay naging adiksyon. Huli na nang malaman ko na mas mahal ko ang paglilingkod sa Panginoon, at nalimutan kong mahalin ang Panginoon na pinaglilingkuran ko.

Tama ang manunulat na si Rick Warren nang sinabi niya na ang mga ministro ay mga lingkod sa umpisa ngunit sa huli ay nagiging mga *superstar*. Humingi ako ng tawad sa Diyos at humiling ng karagdagang grasya. Ibinalik Niya sa puso ko ang puspos na pagmamahal sa pagpupuri ko sa Kanya. Nalaman ko na ang tunay na *ministry* ay mula sa malalim na pagsamba sa Diyos. Kaya heto ang sikreto ng isang balanseng buhay-pananampalataya: ang pusong sumasamba at mga kamay na naglilingkod.

Ito ang dapat mong piliin. Hindi ito maaagaw ng sino man mula sa inyo. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

**Pagninilay:** Mas mahal ko ba ang paglilingkod sa Panginoon kaysa sa Panginoon na aking pinaglilingkuran?

*Isang bagay ang hinihiling ko, isang bagay ang hinahanap ko: ang manahan sa bahay ng Panginoon at tunghayan ang ganda Niya buong buhay ko!*

***Sta. Flavia, ipanalangin mo kami.***

6

MIYERKULES

OKTUBRE

**Mga Taga-Galacia 2:1-2, 7-14**
Salmo 117:1bc, 2
Lucas 11:1-4

*Bumalik ako sapagkat inihayag sa akin ng Diyos na dapat akong pumunta doon...at inilahad ko sa kanila ang Magandang Balitang ipinapangaral ko sa mga Hentil... – Mga Taga-Galacia 2:2*

# SAAN MAN NIYA AKO AKAYIN

Maraming mga bagay ang hindi ko maisip gawin kung hindi dahil sa iniutos ito ng Diyos na gawin ko.

Halimbawa, itinabi ko ang mga ambisyon at pangarap ko sa buhay upang lubos na maglingkod sa Panginoon pagkatapos ko ng kolehiyo. Akala ng iba inaksaya ko lang ang kaalamang nakuha mula sa tinapos kong kurso.

Iniwan ko rin ang pamilya ko upang tumira sa *community center* namin para mapaglingkuran ko ang Panginoon bawat araw at sandali. "Puwede mo naman Siyang pagsilbihan kahit nakatira ka sa bahay," sabi nila sa akin. Ngunit maliwanag sa akin na ito ang kalooban ng Panginoon kaya't sinunod ko ito.

Habang naglilingkod sa Diyos, hindi ako nakipag*date* o tumanggap ng manliligaw para ang buong puso't atensyon ko ay sa paglilingkod lamang.

Kung magbabalik-tanaw ako, marami akong biyayang natanggap dahil sumunod ako kung saan man ako inaakay ng Panginoon. At muli kong nanaisin ang ganito kung magkakaroon ako ng pagkakataong mabuhay muli. *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

Pagninilay: "Saan man tayo gabayan ng Diyos, tutustusan Niya ang mga pangangailangan mo." (Vance Havner)

*Jesus, saan Mo ako gustong magtungo ngayong araw na ito?*

***Sta. Faith, ipanalangin mo kami.***

**7**
HUWEBES
**OKTUBRE**

Ang Mga Gawa 1:12-14
**(o Mga Taga-Galacia 3:1-5)**
Lucas 1:46-47, 48-49, 50-51, 52-53, 54-55
(o Lucas 1:69-70, 71-72, 73-75 )
Lucas 1:26-38 (o Lucas 11:5-13)

*Paggunita sa Mahal na Birhen ng Santo Rosaryo*

*Napakahangal ninyo! Nagsimula kayo sa Espiritu at ngayo'y nagwawakas sa laman. – Mga Taga-Galacia 3:3*

# SUKO NA AKO

"Suko na ako, Panginoon," bulong ko sa pagitan ng mga hikbi.

Ilang taon akong namuhay sa sarili kong mga paraan at kagustuhan. May mga plano ako — magsipag para yumaman, bumili ng lupa't bahay, libutin ang mundo, magtayo ng negosyo, makilala si *Prince Charming*, magkaroon ng magarang kasal, magkapamilya, at iba pa. Noong una, maayos ang takbo ng mga plano ko. Nagsipag nga ako't kumita ng malaking halaga. Nakapasyal din ako sa ibang mga bansa. Pero kasabay ng tagumpay ko, naligaw ako ng landas. Nakalimutan ko ang pagkatao ko, at bumitiw ako sa Diyos sa pag-aakalang kaya ko nang patakbuhin ang buhay ko nang mag-isa.

Isang araw, binatukan ako ng Diyos. Nawalan ako ng trabaho, at ang personal kong buhay ay naging magulo. Noon ako gumapang pabalik sa Kanya, humingi ng tawad at tinanggap ang pagkatalo. Sa unang pagkakataon, natagpuan ko ang kapayapaan sa kawalan.

Kinupkop muli ako ng Mabuting Pastol. Ipinakita Niya sa akin na kung wala ang paggabay Niya, hindi ko mahahanap ang daan pauwi sa Ama.

Hindi ba natutupad ang mga plano mo sa buhay? Baka hindi iyan ang nais ng Diyos para sa iyo. Sumuko ka sa kalooban Niya, at hayaan mong ituro Niya sa iyo ang tamang landas. *Nova Arias (nova.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Tao lamang tayo, at may hangganan ang mga kakayahan natin. Ngunit ang Diyos ay makapangyarihan. Gawin mo Siyang Panginoon ng buhay mo.

*Kung wala Ka, Panginoong Jesus, wala rin ako. Kung sakaling bumibitiw ako sa kamay Mo, higpitan Mo ang kapit Mo sa akin at panatilihin ako sa tabi Mo.*

***San Sergio, ipanalangin mo kami.***

**8**
BIYERNES
**OKTUBRE**

**Mg Taga-Galacia 3:7-14**
Salmo 111:1b-2, 3-4, 5-6
Lucas 11:15-26

*Nanalig sa Diyos si Abraham at siya'y pinagpala kaya't pagpapalain ding tulad niya ang lahat ng nananalig sa Diyos. – Mga Taga-Galacia 3:9*

# DAHIL AKO AY NANINIWALA

Noong ako'y baguhang Kristiyano — katatanggap ko pa lang kay Jesus bilang Panginoon ng buhay ko — damang-dama ko ang Espiritu Santo.

Isang araw, nagkasakit ang pinsan kong sanggol. Gaya ng natutunan ko sa mga *spiritual adviser* ko, siya'y ipinagdasal ko. Agad bumaba ang lagnat niya.

Sa ibang pagkakataon naman, nagmamadali ako para sa *appointment* ko kaya't ipinagdasal ko na may dumaan sanang taksi na masasakyan. Makalipas ang ilang sandali may dumating na taksi.

May mga panahon ding kinailangan ko ng pera at bigla na lang akong nagkaroon nito na parang hulog ng langit!

Ito ang mga karanasang dala ng pananalig ko sa Panginoon. Nadama ko kaya ang mga ito kahit hindi ko sila ipagdasal? Ewan natin. Pero dahil mabait ang ating Diyos, walang duda na ipatutupad Niya ang mga ito.

Ang mga ito ay itinuturing kong bunga ng pananalig.

At totoong mapalad ako. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Nabigo ka na ba ng Diyos? Habang pinagninilayan natin ito, lalong lumalakas ang pananalig natin.

*Panginoon, ako'y nananalig sa Iyo.*

***San Martin Cid, ipanalangin mo kami.***

9
SABADO
OKTUBRE

**Mga Taga-Galacia 3:22-29**
Salmo 105:2-3, 4-5, 6-7
Lucas 11:27-28

*Wala nang pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at malay, ang lalaki at babae — kayong lahat ay iisa dahil sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Hesus.*
*– Mga Taga-Galacia 3:28*

## KAPAYAPAAN AT SEGURIDAD

Biglaang bumisita ang Presidente ng Estados Unidos sa *pressroom* ng *Whitehouse* noong pangalawang araw ng pagka-presidente niya. Nang nakita niya ang magkatabing mga *booth* ng *Fox News* at CNN, nagbiro siya na para itong Israel at Palestina, *"living side by side in peace and security"* (magkatabing nabubuhay sa kapayapaan at kaligtasan).

Ito'y isang mailap na pangarap para sa karamihan sa atin tulad ng Israel at Palestina. Kadalasan, gusto nating sumang-ayon ang ibang tao sa ating adyenda at sumunod sa ating pananaw. At di kanais-nais ang sino mang tututol. Pero itinuturo ng talata sa araw na ito na tayo'y nagkakaisa kay Kristo. Kaya nating magkasundo kahit na magkaiba ang ating mga pananaw.

Kung kaya tayong intindihin ni Jesus, di ba't dapat lang na matuto tayong intindihin ang isa't-isa? Imbes na pairalin natin ang ating adyenda at subukang pagbaguhin, di ba't mas mabuti ang magmahal at tanggapin ang pagkakaiba ng ibang tao sa atin?

Pag-isipan natin ito at piliin ang mabuhay nang mapayapa at may kaligtasan kasama ang ating kapwa. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Sa mahahalagang bagay-bagay pagkakaisa; sa pag-aalinlangan, kalayaan; at sa lahat ng bagay kawanggawa." (St. Augustine)

*Panginoon, buksan Mo ang aking mga mata sa katotohanan na ang ibang tao ay mahalaga tulad ko. Turuan Mo akong mabuhay nang mapayapa at mati-wasay kasama ang aking kapwa.*

***San Luis Bertrand, ipanalangin mo kami.***

**10**
LINGGO
**OKTUBRE**

2 Mga Hari 5:14-17
Salmo 98:1, 2-3, 3-4
2 Timoteo 2:8-13
**Lucas 17:11-19**

*Nang mapuna ng isa na siya'y magaling na, nagbalik siyang sumisigaw ng pagpupuri sa Diyos. – Lucas 17:15*

# KETONGIN KA BA?

Ang mga ketongin ay mga patapon ng lipunan. Sila'y ibinibilang sa mga makasalanan at ang pagkakasala nila'y nakikita sa mga sugat sa kanilang balat at katawan. Ang mga mapanampalatayang ketongin ay naiiba. Sila ay nakikihalubilo sa ibang tao at tila normal ang anyong panlabas. Ngunit ang kalooban nila'y unti-unting nabubulok dahil sa patung-patong na pagkakasala at kawalan ng nilalaman. Ano kaya ang mga sintomas?

*L-ust* – binibigyang-kasiyahan ang mga pagnanais ng katawan (pagkain at seksuwal) na nauuwi sa mahinang pangangatawan at depresyon.

*E-nvy* (Inggit) – pagnanais sa pag-aari ng iba habang di pinapansin ang kung anong mayroon siya.

*P-ride* (Kapalaluan) – walang pakialam sa ibang tao. Hindi nila nararanasan ang tunay na galak mula sa paglilingkod sa iba.

*E-nticement*s (Pang-akit) – lumilikha ng mga pinakamalulungkot na tao na nahihilig sa mamahaling mga bagay. Ang tunay na kaligayahan ay walang katumbas na halaga.

*R-esentment* (Hinanakit) – mga sama ng loob na nakapagdudulot ng pisikal na sakit. Totoo ang kasabihan: Ang pinakamabisang lunas ay ang pagpapatawad.

Ketongin ka ba? Ano ang sintomas mo? Tanggapin mo ang habag at grasya ng Diyos. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Ano ang nararamdaman kong sintomas ng aking pagkakasala? Panahon na para magpakumbaba at tanggapin ang grasya Niya.

*Kahabagan Mo ako, O Diyos, at iligtas Mo ako sa mga ugat ng pagkabulok ng aking kalooban.*

***Sta. Tanca, ipanalangin mo kami.***

**11**

LUNES

**OKTUBRE**

Mga Taga-Galacia 4:22-24, 26-27, 31-5:1
Salmo 113:1b-2, 3-4, 5a, 6-7
**Lucas 11:29-32**

*"Napakasama ng lahing ito! Naghahanap sila ng palatandaan mula sa langit, subalit walang ipapakita sa kanila... – Lucas 11:29*

# ANG PANANDA!

Narinig na ba ninyo ang kuwento ng isang *mountaineer* na habang paakyat sa bundok ay nadulas at nanatiling nakabitin sa matarik at mabatong bahagi ng bundok? Base sa kuwento, nagdasal siya sa Diyos at humiling ng pananda ng Kanyang tulong at pagligtas. Iba't ibang paraan ng pagtulong ang pinadala ng Diyos subalit nanatili siyang nakabitin. Hindi niya makita ang tulong mula sa Diyos at hindi marinig ang Kanyang boses.

Palagay ko alam na ninyo kung paano magtatapos ang kuwento. Kapag nagninilay ako sa kuwentong ito, nakikita ko ang mga pagkakataon na naging bulag at bingi ako sa plano ng Panginoon para sa buhay ko.

Minsan, ang pagkabingi't pagkabulag ko ang siyang dahilan ng pag-aatubili ko o pagiging manhid sa pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Ngayon hinihiling ko ang biyaya na makapakinig sa boses ng Diyos at mamulat ang mga mata ko sa magandang plano Niya para sa akin. *Annette Abad-Flores (annette_abad_flores@yahoo.com)*

Pagninilay: Imulat Mo ang mga mata ko, Panginoon, nang makita ko ang layunin Mo sa buhay ko nang ako'y nilikha Mo.

*Espiritu Santo, bigyan Mo ako ng kaloob na makita ka at malaman ang mabuting plano Mo para sa akin.*

12
MARTES
OKTUBRE

**Mga Taga-Galacia 5:1-6**
Salmo 119:41, 43, 44, 45, 47, 48
Lucas 11:37-41

*Sa mga nakipag-isa kay Kristo Hesus, wala nang halaga ang pagtutuli o di pagtutuli. Ang mahalaga'y ang pananampalatayang nakikita sa gawang udyok ng pag-ibig. – Mga Taga-Galacia 5:6*

## SAGOT SA AKING DASAL

Hinalay si Clarissa noong kinse años pa lamang siya. Nabuntis siya't nagkaroon ng magandang sanggol na babae. Payo ng mga kaibigan ay ipalaglag ang bata upang siya'y makapag-umpisang muli at kalimutan ang masamang karanasan. Hindi nakinig si Clarissa. Limang taon ng paghihirap at pagpapakasakit ang lumipas bago nagpasiya si Clarissa na pumunta ng Shanghai upang magtrabaho sa isang pabrika.

Bawa't gabi ang panalangin ni Clarissa sa Diyos ay ang makapiling niyang muli ang kanyang anak. Habang tangan ang pajama ng anak niya, lumuluha siya at iniisip na balang araw, sasagutin ng Diyos ang kahilingan niya.

Lingid sa kaalaman ni Clarissa, nakita ng superbisor niya ang kanyang hinagpis at lungkot. Nagpasya itong tulungan siya. Dahil sa superbisor, nakita ng mga opisyal ng pabrika na isang mabuting empleyado si Clarissa at sila rin ay nagpasyang tumulong.

Isang araw, ipinatawag si Clarissa sa opisina ng Administrador at ibinalita sa kanya na pinauuwi siya sa Pilipinas upang ayusin ang papeles ng anak niya. Ang kompanya na ang bahala sa pamasahe at gastusin nila. Sa wakas, dumating na ang sagot sa kanyang mga dasal!

Ang pinakamahalaga sa lahat ay ang pananalig sa Diyos — ito ang klase ng pananalig na nabubuhay sa pagmamahal. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Pagninilay: Alam ng Diyos ang ating mga pangangailangan. Siya ang tagapagbigay ng lahat ng anumang kailangan natin.

*Mahal kita, Panginoon, at naniniwala ako na mahal Mo ako. Naniniwala ako na tutulungan Mo ako sa aking matitinding pangangailangan.*

***San Fiace, ipanalangin mo kami.***

**13**
MIYERKULES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Galacia 5:18-25
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Lucas 11:42-46**

*"Kawawa kayo, mga Pariseo! Ibinibigay ninyo ang ikapu ng yerbabuena, ng ruda, at ng iba pang gulayin, ngunit kinaligtaan ninyo ang katarungan at ang pag-ibig sa Diyos. – Lucas 11:42*

# DI NABABAGO NG KAALAMAN

Isa sa mga mahal ko sa buhay ay natutong manigarilyo habang siya'y bata pa. Buong buhay niya, alam niya na masama sa kalusugan ang paninigarilyo. Palagi siyang pinaaalahanan ng asawa niya't mga anak. Maraming beses na rin siyang nagpasiyang tumigil sa paninigarilyo pero hindi niya magawa. Dahil nga di nababago ng kaalaman ang buhay ng tao.

Nang ipinanganak ang una niyang apo, pinagbawalan siyang lapitan ang bata habang siya'y naninigarilyo. Puwede lamang niyang tingnan ang apo niya pero hindi niya puwedeng hagkan. Nasabik siya sa kanyang apo.

Ngayon, parati na niyang nahahagkan at nayayakap ang apo niya dahil tumigil na siyang manigarilyo. Lubos ang kasiyahan niya dahil sa napagpasiyahang gawain.

Alam ng mga Pariseo ang batas. Pero hindi nila alam ang espiritu sa likod ng batas. Di nababago ng kaalaman ang buhay ng isang tao. Tanging pagmamahal lamang ang may ganyang kakayahan. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: May mga bagay bang dapat baguhin sa buhay mo? Humanap ka ng taong iyong mamahalin at magmamahal sa iyo.

*Panginoon, hayaan Mong mahalin Kita at ang kapwa ko upang ito'y magtulak sa akin na baguhin ang mga dapat baguhin sa buhay ko.*

***San Romulo, ipanalangin mo kami.***

**14**
HUWEBES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Efeso 1:1-10
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4, 5-6
**Lucas 11:47-54**

*"Ayaw na ninyong magsipasok, hinahadlangan pa ninyo ang mga nagnanais pumasok." – Lucas 11:52*

# B.I.

Di ko alam kung kailan naimbento ang salitang ito, pero di ko yata gustong matawag na "B.I."

Alam naman natin na ang ibig sabihin nito ay *bad influence*. Naalala ko na may kaklase akong babae at lalaki na nabansagang B.I. kaya iniwasan kong sumama at makipagkaibigan sa kanila.

Dumating ang panahon na naging B.I. rin ako. May mga panahon na tinamad akong pumunta sa *prayer meeting* at na-impluwensiyahan ko ang iba kong kasamahan dahil di rin nila gustong pumunta kung wala ako. Sa ibang pagkakataon, kapag huli na kami sa Misa, iniimbita ko na lang ang pamilya ko na pumunta sa *mall* para magsalu-salo roon at magkuwentuhan. Hindi ko napansin pero hindi na pala ako nag-uukol ng panahon para sa Panginoon.

Bilang Kristiyano, hindi lamang tayo naatasang ihayag ang Mabuting Balita kundi maging mabuting impluwensiya rin sa iba nang matulungan silang mapalapit sa Diyos.

Sana balang araw, mas maraming tao ang matatawag na G.I. (*Good Influence*) kaysa B.I. *Nova Arias (nova.svp@gmail.com)*

Pagninilay: May mga panahon bang naging B.I. ka sa ibang tao? Paano mo ito babaguhin?

*Panginoon, ipinakita Mo sa amin kung paano mabuhay nang mabuti. Sana mag-ing mabuting halimbawa kami sa iba para sila'y magmahal at sumunod sa Iyo.*

***San Saturnino at San Lupo, ipanalangin ninyo kami.***

**15**
BIYERNES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Efeso 1:11-14
Salmo 33:1-2, 4-5, 12-13
**Lucas 12:1-7**

*"Sinasabi ko sa inyo, ang Diyos ang dapat ninyong katakutan." – Lucas 12:5*

# WALANG TAKOT!

Lima sa mga kalaban namin ang iniwan naming walang malay. Panalo kami sa labanang naganap sa harap ng *College of Engineering* sa Unibersidad ng Pilipinas noong araw na iyon. Nagpalakpakan pa nga ang mga estudyanteng nakakita sa labanan.

Naibsan ba ang pagkauhaw ko sa kaguluhan? Hindi, dahil tinamaan ako. Ako pa naman ang tanyag na *hitman* ng *fraternity*. Ibig sabihin nakaiskor ang kalaban sa frat namin dahil sa tama ko.

Ang marahas kong pakikipaglaban ang tanging natitirang maipagmamalaki ko. Kahit na ako ang pinakapandak sa kanila, hindi ako kayang pagtulungan ng mga kalaban basta hawak ko ang tubo na aking armas. Pero sa huli, duguan pa rin ako.

Dinala ako ng mga brod ko sa ospital. Habang nasa sasakyan, nakita ko ang imahe ni Jesus sa may dashboard at aking naalala na si Jesus ay nagbuwis ng buhay at nag-alay ng Kanyang dugo upang iligtas ang sangkatauhan. Eh ako? Panatiko lang ako sa labanan. Napaiyak ako sa aking napagtanto. Mamamatay ba ako o mabubuhay?

Salamat sa Diyos ako'y nabuhay upang magbigay ng patotoo sa Kanyang mabangis na pagmamahal para sa akin. Mula noon, ako'y lumalaban upang maglingkod sa Kanya gamit ang armas na kaloob Niya't pagmamahal. Ahoo! *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Para kanino ka lumalaban na maglingkod?

*Iligtas Mo ako sa lahat ng kasamaan, at kapag nalalapit na ang aking kamatayan, ako'y tawagin Mo papalapit sa Iyo nang mapapurihan Kita kasama ng Iyong mga santo magpakailanman...*

***Banal na Victoria Strata, ipanalangin mo kami.***

**16**

SABADO

**OKTUBRE**

**Mga Taga-Efeso 1:15-23**
Salmo 8:2-3ab, 4-5, 6-7
Lucas 12:8-12

*Walang humpay ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Inaalala ko kayo sa aking panalangin. – Mga Taga-Efeso 1:16*

# NAGPAPASALAMAT

Ilang taon na ang nakalilipas nang matutunan ko mula kay Bo Sanchez ang isang kakaibang paraan ng pagdarasal ng rosaryo. Natutunan ko na kung iaalay ko ang bawat butil ng dasalan para sa mga taong ipinagdarasal ko, mas makabuluhan ang pagrorosaryo ko.

Bago ako pumunta sa susunod na butil, binabanggit ko ang pangalan ng taong nais kong ipagdasal. Pagdating ko sa huling dekada, limang tao na ang ipinagdarasal ko kasi kulang na ang natitirang mga butil.

Tuwing naiisip ko ang mga taong ipinagdarasal ko at ang kanilang mga kahilingan, nagpapasalamat ako sa lahat ng mga ginawa nila para sa akin. Nalaman kong marami akong dapat ipagpasalamat — ang mga tao na ipinadala ng Panginoon sa buhay ko. Nananatiling bago ang pakiramdam na ito kahit ulit-ulitin ko man ang proseso.

Gusto mo bang subukan? *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Nagpasalamat ka na ba sa Panginoon para sa mga tao sa iyong buhay?

*Panginoon, salamat at ipinakikita Mo ang Iyong pagharap sa aking mga mahal sa buhay.*

***Sta. Maxima, ipanalangin mo kami.***

**17**
LINGGO
**OKTUBRE**

Exodo 17:8-13
Salmo 121:1-2, 3-4, 5-6, 7-8
**2 Timoteo 3:14-4:2**
Lucas 18:1-8

*"Ipangaral mo ang Salita ng Diyos, napapanahon man o hindi…" – 2 Timoteo 4:2*

## *"GLORY TO GOD IN THE STREET"*

Sinabi sa isang sermon na may isang napakaganda at napakalaking makulay na salamin na nagpapakita ng pag-akyat ni Jesus sa langit. Nakasulat sa ibaba: "*Glory to God in the highest*."

Isang araw, isang grupo ng mga batang lalaki ang naglalaro ng bola. Paghagis ng isa, *wham*! Tinamaan ang magandang salamin. Nakita ito ng isang pari at pinagalitan niya ang mga bata. Nang tiningnan niya ang sira, nakita niya na napalitan ng butas ang mga letrang "*highe*." Anong naiwan? 'St' — na puwedeng ikatawan ang pinaigsing salita na *street* (kalye).

Napadasal ang pari, "Salamat po, Diyos, sa Iyong magandang mensahe: "*Glory to God in the _____st (street)*"

Nang marinig ko itong sermon, parang kinurot ang puso ko. Oo, nararapat lamang na papurihan ang Diyos sa langit, pero mas gusto Niyang mapapurihan sa kalye. Gustung-gusto Niyang makilala Siya ng mga tao at ang tungkol sa walang-pasubali Niyang pag-ibig sa kanila, at puwede kong hayaan Siyang gamitin ako para gawin 'yon. Kahit sa mga simpleng paraan, puwede kong ibalita ang Salita Niya, ang mensahe Niya ng pag-ibig. Maaari kong ihayag sa simpleng *"Hello"* at "Kumusta ka?" o sa simpleng ngiti o pagkakawanggawa at mainit na pakikipagkaibigan sa mga kalye, kung saan naglalakad ang mga karaniwang tao, kung saan kailangan ang mensahe ng pag-ibig ng Diyos. *Ma. Luisa dela Cruz (ma_luisa2004@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano mo maipakikita ang mensahe ng pag-ibig ng Diyos sa mga kalye?

*Mahal kong Diyos, turuan Mo po akong magmahal para Ikaw ay mapapurihan saan man.*

***San Juan, ipanalangin mo kami.***

**18**
LUNES
**OKTUBRE**

2 Timoteo 4:10-17b
Salmo 145:10-11, 12-13, 17-18
**Lucas 10:1-9**

*Kapistahan ni San Lucas, Ebanghelista*

*"Humayo kayo! Sinusugo ko kayong parang mga kordero sa gitna ng mga asong-gubat." – Lucas 10:3*

# PAKIKIPAGKAIBIGAN SA ISANG LOBO

Isang babae ang bumili ng lalaking *Czechoslovakian Wolf-Dog* para maging alaga niya. Tuwing umaga binubuksan ng babae ang panga ng kanyang aso para painumin ito ng *cod liver oil* na nagpapakintab ng balahibo nito. Nanlalaban ang aso pero mapilit ang amo niya. Di lang niya alam na mabuti ito para sa kanya, sabi ng babae sa kanyang sarili.

Isang araw natumba ang bote ng *cod liver oil* at tumapon ito sa sahig. Nagulat na lang ang babae nang makita niyang dinidilaan ng aso ang gamot na tila sarap na sarap ito. Nalaman niya na ayaw lang pala ng aso niya ng sapilitang paraan ng pagpapainom nito.

Minsan ganito rin ang paraan ng pagdala natin ng mga tao sa Panginoon. Ang "gawi ng lobo" — isang marubdob na pamamaraan na kadalasan ay hindi epektibo. Dahil sa ating matinding kagustuhan, lalong nagpupumiglas at nagre-rebelde ang iba.

Ang mga lobo ay mababangis na hayop. Ang mga tupa naman ay maaamo at mabuting maging kaibigan. Tinawag tayo ni Jesus na maging tulad ng tupa at hindi mag-asal lobo. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Sino ang taong nais ng Panginoon na kaibiganin mo?

*Pastol ng aking buhay, hayaan Mong dumaloy ang Espiritu ng pakikipagkaibigan upang ako'y magkaroon nang mas maraming kaibigan at maibahagi sa kanila ang kaligayahang mula sa Iyo.*

***San Kevoca, ipanalangin mo kami.***

**19**
MARTES
**OKTUBRE**

**Mga Taga-Efeso 2:12-22**
Salmo 85:9ab-10, 11-12, 13-14
Lucas 12:35-38

*Ngunit ngayon, dahil sa inyong pakikipag-isa kay Kristo Jesus, kayong dating nasa malayo ay nailapit sa pamamagitan ng kanyang kamatayan.*
*– Mga Taga-Efeso 2:13*

# IKAMAMATAY MO!

"Natikman mo na ba yung *decadent chocolate cake* sa (*blip*)?" tanong ng isang kaibigan ko sa akin.

"Hindi pa," sagot ko, "masarap ba?"

"Ikamamatay mo!" sagot niya.

Ano namang kinalaman ng *decadent chocolate cake* sa piling talata sa araw na ito?

May naisip akong nakakatuwa: Sa mga mata ni Jesus, tayo ay *decadent chocolate cake*! At ikinamatay Niya tayo! Sa kabila ng pagiging makasalanan natin, kaakit-akit tayo sa Kanya, kaibig-ibig at nakakaadik.

Napakalaki ng pag-ibig ni Jesus para sa atin. Nais Niya tayong makapiling sa kaharian ng Kanyang Ama kaya't inialay Niya ang Kanyang katawan at dugo hindi lamang para sa bayan Niya — kabilang na roon ang mga nagpapako sa Kanya sa krus — kundi para sa sangkatauhan at sa mga susunod pang henerasyon (kabilang tayo roon).

Sa Banal na Eukaristiya, muling namamatay si Jesu-Kristo upang masaksihan natin ang dakilang sakripisyo Niya para sa kaligtasan natin. Nawa'y hindi mo malimutan na mahalaga ka sa Kanya at inialay Niya ang buhay Niya para sa 'yo. *Nova Arias (nova.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Pakiramdam mo ba'y hindi ka karapat-dapat sa pag-ibig ng Diyos? Bakit? Hindi pa ba sapat sa 'yo ang pag-aalay Niya ng buhay Niya?

*Jesus, aking Tagapagligtas, salamat sa pag-aalay Mo ng Iyong buhay para sa akin. Nawa'y maging paalala lagi ang sakripisyo Mo sa kung gaano ako kahalaga sa Iyo.*

***San Carlos Garnier, ipanalangin mo kami.***

**20**
MIYERKULES
**OKTUBRE**

**Mga Taga-Efeso 3:2-12**
Isaias 12:2-3, 4bcd, 5-6
Lucas 12:39-48

*Sa ating pakikipag-isa at pananalig sa kanya, makalalapit tayo sa Diyos nang panatag ang loob. – Mga Taga-Efeso 3:12*

# ANG *"INSIDE MAN"*

May kaibigan akong maraming koneksyon. Isang beses kailangan kong makapasok sa isang *restricted area* sa paliparan. Sabi ng kaibigan ko, "May kilala ako na tutulong sa atin makapasok." Isang tawag lang niya at nakapasok kami, at tila parang V.I.P. ang pagtrato sa amin.

Tulad din nito ang ating pagharap sa Diyos Ama sa pamamagitan ni Jesu-Kristo. Ang personal nating pagkakakilala kay Jesus ang pinagmumulan ng ating tiwala na lumapit sa Ama at humiling sa ngalan ni Jesus.

Naniniwala ako na pare-pareho ang biyayang ibinibigay ng Diyos sa atin. Pantay-pantay ang pagmamahal Niya sa atin. Ang pagkakaiba lang ay kung paano natin tatanggapin ang mga biyayang ito, kung bukas-loob ang pagtanggap natin.

Bukas-loob nating tatanggapin ang mga biyaya mula sa Diyos kung tayo ay naniniwala na tayo'y mga anak Niya at karapat-dapat tayong tumanggap ng mga ito.

Kung ganito ang paniniwala natin, kaya nating idasal ang, "Panginoon, basbasan Mo ako nang lubos!"

Pero dahil wala tayong koneksyon, baka naman payag na tayo na kaunti lang ang tatanggapin natin. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Sa tingin mo, karapat-dapat ka bang tumanggap ng biyaya mula sa Panginoon?

*Panginoon, bigyan Mo ako ng kasiyahan dahil personal kong kilala ang Iyong anak na si Jesus.*

***Sta. Martha, ipanalangin mo kami.***

**21**
HUWEBES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Efeso 3:14-21
Salmo 33:1-2, 4-5, 11-12, 18-19
**Lucas 12:49-53**

*"Naparito ako upang magdala ng apoy sa lupa at... pagkakabaha-bahagi... sila'y mangagkakabaha-bahagi..." – Lucas 12: 49-53*

# PAGMAMAHAL SA DIYOS — SANHI NG PAGHAHATI-HATI AT PAGKAKAISA

Nakaliligalig na mga salita mula sa Diyos ng kapayapaan.

Alam ko kung ano ang ibig sabihin nito — nakabukod na pagmamahal. Ito rin ay ang paghahangad na mahalin ang Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong isipan at buong lakas. Ibig sabihin nito ay katatagan na ipaglaban ang aking pananalig sa Diyos kahit pa iba ito sa paniniwala ng mga mahal ko sa buhay. Kalooban ng Diyos ang linisin ang kaluluwa ko at tanggalin ang kaugnayan ko sa mga tao at mga makamundong bagay.

Matapos nito, saka ko lamang mararanasan ang katahimikan ng puso ko sa harap Niya. Ang pagsunod sa Kanyang kalooban ang daan upang maging instrumento ako ng Kanyang pagkakaisa at pagmamahal. *Grace Princesa (grprincesa@yahoo.com)*

Pagninilay: Ako'y binabalaan na huwag magkakaroon ng ibang mga diyos.

*O Diyos, ipaalala Mo sa akin na Ikaw ang unang-una sa buhay ko, hindi ang aking kayamanan, at pasanin ko ang aking krus. Doon ko lang makakamit ang lahat na aking ninanais.*

***San Viator, ipanalangin mo kami.***

22

BIYERNES
OKTUBRE

Mga Taga-Efeso 4:1-6
Salmo 24:1-2, 3-4ab, 5-6
**Lucas 12:54-59**

*"Bakit hindi ninyo mapagpasiyahan kung alin ang matuwid?" – Lucas 12:57*

# HUWAG KANG MANISI

May mga pagkakataong hirap akong magdesisyon. Isang araw, kailangan kong gumawa ng mahalagang desisyon kaya panay ang hingi ko ng payo mula sa iba. May naisip na akong gawin kaya kung hindi pareho sa naisip ko ang opinyon na ibinibigay sa akin, agad ko itong tinututulan.

Sabi sa akin ng kaibigan ko, "George, bakit mo pa ako tinatanong kung alam mo na kung ano ang dapat mong gawin?"

Sinusubukan kong maghanap ng taong aako ng responsibilidad mula sa aking magiging desisyon. Alam ko na kung ano ang dapat gawin pero di ako sigurado kung tama ito. Ang hanap ko ay isang tao na sasang-ayon sa akin, dahil kung mali man ang desisyon, dalawa kaming masisisi. Heto ang aking natitiyak: Binigyan tayo ng Panginoon ng kalayaan na gumawa ng tama o mali.

Isang kaibigan ko ang nagturo sa akin na isa sa mga pinakamabigat na kasalanan ang di sumunod sa Iyong konsensiya. Nagawa ko na iyan at sadyang ang sama ng pakiramdam.

Ngunit kung gagawin mo kung ano ang tama — iyan ang pinakamagandang pakiramdam. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Anong desisyon ang kailangan mong gawin? Sundin mo ang iyong konsensiya.

*Panginoon, dalisayin Mo ang aking puso.*

***Sta. Maria Salome, ipanalangin mo kami.***

**23**
SABADO
**OKTUBRE**

Mga Taga-Efeso 4:7-16
Salmo 122:1-2, 3-4ab, 4cd-5
**Lucas 13:1-9**

*"Kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat." – Lucas 13:3*

# ANG GANDA NG MULING PAGKAKASUNDO

Limang araw akong naospital dahil sa *diarrhea*. Nag-alala ako dahil kahit pa ako'y nakasuwero at pinainom na ng gamot, tatlong araw akong labas-pasok sa banyo at di na namin mabilang ng asawa ko kung ilang beses iyon. Nanghina ako't halos di na makagalaw dahil sa kakulangan ng tubig sa katawan. Doon ko unang naramdaman ang takot na baka mamatay ako.

Pero iyon din ang pagkakataon na naging mas malapit ako sa Diyos. Natanto ko na naging abala ako sa maraming bagay at napabayaan ko ang pag-uukol ko ng personal na panahon para makapiling Siya.

Napatotoo ito ng mensahe mula sa kaibigan kong si Omy Romero. Sa isang *text message,* pinayuhan niya ako na alamin ang hangarin ng Diyos at kung ano ang gusto Niyang gawin ko. Gusto lang Niyang manahimik ako't manatili sa piling Niya. Humingi ng tawad para sa aking mga kasalanan at pagkukulang.

Sadyang napakasarap ang mayakap ng Diyos. Ito ang kagandahan ng sakramento ng pagkakasundo. Nariyan lang si Jesus, naghihintay sa atin. *Hermie Morelos (hrm9224@yahoo.com)*

Pagninilay: *"Seven days without God makes one weak."* (Ang pitong araw na walang Diyos ay nakapanghihina sa tao.) (Di Kilala)

*Jesus, ipaalala Mo sa akin na Ika'y mas kailangan ko lalo na kung ako'y abalang-abala sa ibang bagay.*

***San Vero, ipanalangin mo kami.***

24

LINGGO

OKTUBRE

Ecclesiastico 35:12-14, 16-18
Salmo 34:2-3, 17-18, 19, 23 (7a)
2 Timoteo 4:6-8, 16-18
**Lucas 18:9-14**

*Tumayo ang Pariseo at nanalangin ... 'O Diyos, nagpapasalamat ako sa iyo sapagkat hindi ako katulad ng iba na mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya, o kaya'y katulad ng maniningil ng buwis na ito. – Lucas 18:11*

# PAGHAHAMBING

Kinailangang sabihin ni Jesus ang kuwentong ito dahil nagiging laganap ang isang *game show* — ang *comparison game*!

Sobrang kilala ang larong ito kasi pinabubuti nito ang pakiramdam mo tungkol sa iyong sarili. Kahit ba hindi ka pasado sa sukatan, mas mabuti ka pa rin kaysa sa ibang tao. Siguro nga, puwede ka na.

Pero sabi ni Jesus, hindi mabuti ang larong ito. Unang-una, palaging *fixed* ang larong ito kasi makakapili ka ng kalaro mo. Pangalawa, ang isyu ay laging dahil sa iyo. Isipin mo na lang ang isang naakusahan na umamin sa huwes na nakapatay siya ng tao. At dahil isang tao lang naman iyon dapat siya'y patawarin at palayain.

Kaibigan, kapag ikaw ang nasasakdal sa isang paglilitis, hindi mahalaga ang mas malalang ginawa ng iba. Huwag mong ihambing ang sarili mo sa iba. Tigilan mo ang paglalaro ng *comparison game*.

*Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Nilalaro mo pa ba ang *comparison game*? Tigilan mo na ito.

*Panginoon, maawa Ka sa akin na isang makasalanan.*

***San Jose Thi, ipanalangin mo kami.***

**25**
LUNES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Efeso 4:32 – 5:8
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Lucas 13:10-17**

*Ipinatong ni Jesus ang kanyang mga kamay sa babae, at noon di'y naibalik ang dati niyang postura at nagsimula siyang magpuri sa Diyos. – Lucas 13:13*

## ANG TAGAPAGPAGALING!

Isang tinedyer ang nagmakaawa sa akin at nakiusap, "Bro. Obet, paki-*pray over* po yung mahal ko sa buhay. Nabulag po kasi siya. Nahihiya po ako sa mga *elders* natin kaya ikaw ang nilapitan ko."

Tinanggihan ko siya dahil baguhan lang ako sa *ministry* at hindi ko alam kung ano ang dapat gawin. Pero habang tumatanggi ako lalo naman siyang nagpupumilit. Kaya pumayag na rin ako sa hiling niya.

Habang palakad sa kotse niya, sinabi niya, "Tiger po ang pangalan niya." At di ako makapaniwala sa aking nakita. Si Tiger ay isang tuta na hindi mabuksan ang kanyang mga mata dahil sa *sore eyes*.

Ipinagdasal ko si Tiger, "Maghilom nawa ang iyong mga mata, sa ngalan ni Jesus!" Nagpasalamat ang tinedyer at ako'y iniwan.

Sa susunod na *prayer meeting*, nagpatotoo ang tinedyer na tinulungan ko. "Noong isang linggo ipinagdasal ni Bro. Obet ang isang bulag. Ngayon nakakakita na siya!" Hindi na nila ako narinig nang sabihin kong isang tuta lang ito.

Nakakatawa ngunit maraming mga tagapagpagaling ang umaangkin ng himala bilang sarili nilang kagagawan. Pero ang katotohanan ay ginagamit ng Diyos ang ating kahinaan upang pagalingin ang nakararami. Tayo ay mga instrumento lamang. Ang Diyos ang Tagapagpagaling. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Tanging sa iyo lamang, Yahweh, ang dakilang karangalan, hindi namin maaangkin, pagkat ito'y iyo lamang; walang kupas iyong pag-ibig, natatanging katapatan. (Psalm 115:1)

*Panginoon, turuan Mo akong malaman na kami ay Iyong pinagagaling upang kami'y tumulong, at kami'y Iyong iniligtas upang kami'y maglingkod.*

***Sta. Daria, ipanalangin mo kami.***

**26**

MARTES

**OKTUBRE**

**Mga Taga-Efeso 5:21-33**
Salmo 128:1-2, 3, 4-5
Lucas 13:18-21

*"Mga babae, pasakop kayo sa sari-sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon." – Mga Taga-Efeso 5:22*

# OO *DEAR*, OO *LORD*!

So totoo lang, mas madali sa akin ang sumunod sa Panginoon kaysa sa asawa ko. Habang sinusulat ko ito, naintindihan ko kung bakit. Hindi ko naisip na ginagamit ng Panginoon ang asawa ko para gabayan ako sa Kanyang kalooban. Huwag niyong masamain ang sinasabi ko; mabait at mabuting asawa at ama ang mister ko. Pero kapag mayroon akong pang-espirituwal na katanungan, lagi kong iniisip na makikita ko ang kasagutan sa ibang tao na hindi ko kilala o sa mga sitwasyon ng iba. Mas naghahanap ako ng kasang-ayon sa aking mga kaibigan at laging huli ko nang isinasangguni ito sa asawa ko.

Maling-mali ako. Ibinigay ng Diyos ang asawa ko sa akin bilang katuwang sa pagganap ng Kanyang kalooban. Dapat kong bigyang-halaga ang mga pananaw ng aking asawa. *Mae Ignacio (maemi04@aim.com)*

Pagninilay: Ilang beses ko na bang hindi pinahalagahan ang mga pananaw ng aking asawa kapag gumagawa ako ng desisyon?

*Mahal kong Ama, bigyan Mo po ako ng lakas para mamalagi sa likuran ng aking asawa.*

***San Luciano, ipanalangin mo kami.***

# 27
MIYERKULES
OKTUBRE

**Mga Taga-Efeso 6:1-9**
Salmo 145:10-11, 12-13ab, 13cd-14
Lucas 13:22-30

*Maglingkod kayo nang masaya ang kalooban na parang sa Panginoon kayo naglilingkod at hindi sa tao. – Mga Taga-Efeso 6:7*

## HINDI PUWEDENG "PUWEDE NA"

Ang kahusayan ay isang bagay na itinuro sa akin ng yumao kong kaibigang si Greg Caro sa pamamagitan ng gawa.

Marami kaming hinawakang proyekto sa mundo ng *advertising*, at madalas ay inaabot kami nang madaling araw sa trabaho. Minsan, ipinarinig niya sa akin ang *mix* ng isang *jingle* na tinatapos niya. Dahil pagod ako at gusto ko nang matulog, sinabi ko, "Pwede na 'yan."

Ngumiti siya't sinabi sa akin,"Hindi puwedeng 'puwede na.'"

Hanggang ngayon ay nakatatak sa isipan ko ang sinabi niyang iyon. Isang mabuting kasabihan ito, isang paalala na hindi natin maaabot ang kaganapan kung mananatili tayong pangkaraniwan.

Ito, kabilang sa iba, ay dapat ding maging gabay natin sa paglilingkod — sa trabaho, sa pamilya, sa komunidad, sa parokya. Dahil anong saysay ng paglilingkod kung hindi ito buong-puso at hindi pinaghuhusayan?

Ang Diyos natin ay hindi pangkaraniwan. Siya ay ganap. Kapag binibiyayaan Niya tayo, hindi Siya nagbibigay ng mga biyayang "puwede na"; ang pinakamabuti ang ibinibigay Niya! Kaya dapat din nating ibigay sa Kanya ang pinakamabuting gawain natin, at paglingkuran ang ating kapwa gaya ng paglilingkod natin sa Diyos.

Magpursiging maging mahusay sa lahat ng gawain mo, at gawin mo ang mga ito nang buong-puso. *Nova Arias (nova.svp@gmail.com)*

Pagninilay: May mga pagkakataon ba sa buhay mo na hindi mo ginawa ang mga bagay-bagay nang mahusay? Ano ang kinahantungan nito?

*O Diyos, punuin Mo po ako ng Iyong Banal na Espiritu nang maisagawa ko ang mga gawain Mo nang ganap para sa Iyong kaluwalhatian.*

***San Namacio, ipanalangin mo kami.***

28
HUWEBES
OKTUBRE

**Mga Taga-Efeso 2:19-22**
Salmo 19:2-3, 4-5
Lucas 6:12-16

*Kapistahan nina San Simon at San Judas Tadeo, mga Apostol*

*Samakatuwid, hindi na kayo dayuhan o taga-ibang bansa, kundi kababayan na ng mga hinirang ng Diyos at kabilang sa kanyang sambahayan.*
*– Mga Taga-Efeso 2:19*

# HINDI TAYO MGA *SECOND-CLASS CITIZEN*

Kahit walumpung gulang na si Tito Orly, kaya pa rin niyang magmaneho ng kotse papuntang Baguio. Nakapaglakbay na siya sa buong mundo, dating nagtrabaho sa *World Bank* at naging tagapayo ni Presidente Marcos. Minsan, pinayuhan niya ang Presidente na dapat sanayin ang mga propesyonal na manggagawang nangingibang-bayan at bigyan din ang mga ito ng *incentive* na bumalik sa bansa matapos silang magpakabihasa. Sinabi niya na makaeengganyo ito ng mas maraming OFW na umuwi dahil dito sa ating bansa, hindi sila mga *second-class citizen*. Hindi tinanggap ng Presidente ang payong ito.

Sa mata ng Diyos, tayong lahat ay mga balikbayan na maaaring bumalik kahit kailan. Ang tahanan Niya ay laging bukas para sa mga nais bumalik sa Kanya. Sa kaharian Niya, walang mga *second-class citizen*.

Ang tanong ay kung gusto ba nating bumalik, o baka naman tayo'y mas abala sa pagkamal ng yaman at katanyagan sa mundong ito? O baka tayo'y nag-aalinlangan at nahihiyang bumalik dahil iniisip nating hindi tayo tatanggapin?

Kaibigan, bumalik tayo sa ating Ama. Hinihintay Niya tayo at handa Siyang yakapin tayo. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Nilikha Mo kami para sa Iyo, at ang mga puso nami'y di mapakali hanggang makita nila ang katahimikan sa Iyo." (St. Augustine)

*Amang sumasalangit, Ikaw ang tunay kong tahanan. Lagi Mong hinihintay ang aking pagbabalik. Huwag Mong hayaan na ako'y maligaw ng landas.*

***San Godwin, ipanalangin mo kami.***

29

BIYERNES
**OKTUBRE**

Mga Taga-Filipos 1:1-11
Salmo 111:1-2, 3-4, 5-6
**Lucas 14:1-6**

*"Ngunit hindi sila umimik... At hindi sila nakasagot sa tanong na ito." – Lucas 14:4, 6*

# KATAHIMIKAN

Natatandaan ko pa noong umuwi sa amin ang anak kong lalaki pagkaraan ng ilang araw na sumama siya sa mga kaibigan niya. Umalis siya dahil sa aming di-pagkakaunawaan na muntik nang humantong sa karahasan. Sinalubong ko siya na walang salitang lumabas sa aking labi at kusang-loob ko siyang niyakap. Isang tahimik na yapos na katumbas ng isang libong salita. Isang katahimikang nagpapahayag ng pagmamahal, pagpapatawad at paghihilom.

Naaalala ko rin ang isang sulat ng pasasalamat ng isang matalik kong kaibigan na may asawang nagpakamatay: "Maraming salamat sa lahat ng pagkakataong nanatili ka sa lamay at burol. Higit sa lahat, salamat sa katahimikan mo at sa pagpapahintulot mo sa pagdadalamhati ko." Noon ko napagtanto na ipinadama ko sa kanya ang aking pang-unawa nang wala akong sinasabi upang pabayaan siyang magdalamhati.

Di kagaya ng mga Pariseo ngunit katulad ni Jesus, maaari nating gamitin ang katahimikan upang ipadama ang ating pagmamahal at pagpapatawad sa kapwa. *Danny G. Mendiola (dmendiola22@yahoo.com)*

Pagninilay: Gaano kagaan sa iyo ang katahimikan? Masasabi mo bang kaibigan mo ang katahimikan?

*Panginoon, ituro Mo sa akin kung kailan ako dapat manahimik. Ipaalaala Mo sa tuwina na sa pamamagitan ng katahimikan lamang Kita mapakikinggan nang buong puso. Amen.*

***San Bond, ipanalangin mo kami.***

**30**
SABADO
**OKTUBRE**

Mga Taga-Filipos 1:18b-26
Salmo 42:2, 3, 5cdef
**Lucas 14:1, 7-11**

*"Sapagkat ang nagmamataas ay ibababa, at ang nag-papakumbaba ay itataas." – Lucas 14:11*

# PAGIGING MAPAGKUMBABA

Pinag-usapan namin ng aking estudyanteng Koreano na Katoliko ang tungkol sa huwad na pagpapakumbaba. Tinanong niya sa akin kung ano ang pagkakaiba ng tunay na pagpapakumbaba sa huwad na pagpapakumbaba. Ibinahagi ko sa kanya kung ano ang natutunan ko sa aking pananampalataya.

Ang tunay na pagpapakumbaba ay pagsunod sa yapak ni Jesus at hindi pagiging arogante. Sa kabilang dako, ang huwad na pagpapakumbaba naman ay kung tayo'y hindi maglilingkod sa simbahan dahil sa pag-iisip na hindi tayo kasing-galing ng iba o hindi tayo karapat-dapat maglingkod.

Ibinahagi ko rin sa kanya kung paano ako naimbitahang mag-alaga ng anim na mga kababaihan kahit pa hindi ako sigurado kung mayroon akong kakayahan na gawin ito. Dahil ang Espiritu'y ipinagkaloob sa akin ng Diyos, natupad ko ang tungkulin ng pagiging *care group head* kasi naniniwala akong bahagi ito ng kalooban Niya para sa akin. *Leeanne Sy (havenofleeanne@gmail.com)*

Pagninilay: Ikaw ba'y tunay na nagpapakumbaba o baka naman huwad ang pag-papakumbaba mo dahil nagtanim ang diablo sa puso mo ng pag-aalinlangan? Kilalanin mo ang mga talino mo na kaloob ng Diyos bilang takapaglingkod.

*O Diyos, turuan Mo akong maging mapagkumbaba gaya ni Jesus.*

**31**
LINGGO
**OKTUBRE**

Karunungan 11:22-12:2
Salmo 145:1-2, 8-9, 10-11, 13, 14
**2 Mga Taga-Tesalonica 1:11-2:2**
Lucas 19:1-10

*Na nawa'y maging karapat-dapat kayo sa pagkatawag niya sa inyo. At sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, nawa'y ipagkaloob niya sa inyo ang lahat ng mabuti ninyong hinahangad... – 2 Mga Taga-Tesalonica 1:11-12*

# MGA MISYONERO

"Kapag tumigil sa pag-awit ang mga anghel, kapag tumigil na sa pagningning ang mga bituin, kapag nakauwi ang tatlong hari gamit ang ibang daan, nagsisimula ang tungkulin ng misyonero." Ito ang huling pananalita ni Arsobispo Angel Lagdameo sa pagtatapos ng Misa para sa simula ng isang *out-of-school youth program*.

Mula sa mga salitang ito ay naalala niya na si Jesus ay dumating para tayo ay gawing mga misyonero. Kung ang Banal na Misa ay ang ating "tungkulin," sa pamamagitan ng bautismo tayo ay tinatawag naman na luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng mabubuting gawa. Ang nais lang ng Panginoon ay buksan natin ang puso natin para magmahal tayo kahit sa mga maliliit na bagay.

Mayroon bang humahadlang sa paglilingkod mo sa Panginoon? Dahil ba sa kulang ang pera o ang kaalaman? Sa totoo lang, walang makapipigil sa atin kung gusto talaga nating luwalhatiin ang Diyos.

Tayo ba ay "mga misyonerong walang hangganan"? *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Ang gawain ng Diyos na tinupad sa pamamaraan Niya ay di kailanman kukulangin sa mga panustos ng Diyos." (Hudson Taylor)

*Panginoon, nawa'y magbigay luwalhati sa Iyo ang buhay ko.*

***San Bega, ipanalangin mo kami.***

# 1
LUNES
NOBYEMBRE

Pahayag 7:2-4, 9-14
Salmo 24:1b-2, 3-4ab, 5-6
1 Juan 3:1-3
**Mateo 5:1-12a**

*Solemnidad ng Lahat ng Santo*

*"Pinagpala ang mga may dalisay na puso sapagkat makikita nila ang Diyos." – Mateo 5:8*

## ANG PAMATOK NG PAGKADALISAY

Noong ikalawang araw ng *Kerygma Conference* 2008, maaga akong ginising ng Diyos upang sabihin sa akin na palitan ko raw ang *talk* na ibibigay ko sa araw na iyon. Medyo kapos na ako sa oras. Nang nasa entablado na ako, binuksan ko ang Biblia ko sa Mateo 11:28: "Kayong lahat na napapagal at nabibigatang lubha, pumarito kayo sa akin at bibigyan ko kayo ng kapahingahan." Pamilyar sa ating lahat, pero intindihin mo. Nakalagay, "Pasanin ninyo ang aking pamatok."

Ang pamatok ay isang kahoy na kilo na inilalagay sa hayop upang hatakin ang kariton o araro. Hindi masyadong nakagiginhawa, sa tingin ko. Tila nakalilito, pero ito ang nais ipahayag ni Kristo: Maraming tao ang pagod na dahil sa kanilang mga pagsubok at kasalanan. At maaari nilang pasanin ang pamatok ng Diyos o ang pamatok ng kasalanan — ang pamatok ng kadalisayan o ng karumihan.

Tahimik ang higit na anim na libong tagapakinig habang nagsasalita ako. Pagkatapos, lumuhod kaming lahat at nagdasal. Humingi kami ng patawad para sa aming mga kasalanan at tinanggap namin ang habag ng Diyos. Nangako kaming mabubuhay nang dalisay. Maraming kaluluwa ang lumaya.

Kaibigan, tanggapin mo ang pamatok ng kadalisayan. Maging malaya ka ngayon. Iyan ang nais ng Diyos para sa iyo. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Pagninilay: Anong pamatok ang pinapasan ko ngayon? Lumalapit ba ako o lumalayo sa Diyos dahil dito?

*Panginoon, tinatanggap ko ang pamatok Mo. Pagod na ako sa pagpasan ng pamatok ng kasalanan. Nais kong magpahinga sa piling Mo.*

***Banal na Pablo Navarro, ipanalangin mo kami.***

2

MARTES

NOBYEMBRE

2 Macabeo 12:43-46
(o Karunungan 3:1-6, 9 or Isaias 25:6-9)
Salmo 42:2, 3, 5; 43:3, 4, 5
Mga Taga-Roma 6:3-4, 8-9 (o Mga Taga-Roma 5:5-11)
**Juan 11:21-27 (o Mateo 25:31-46 o Mateo 5:1-12)**

*Solemnidad ng Lahat ng mga Kaluluwa*

*"Pinagpala ang mga mapagpakumbabang-loob sapagkat sa kanila ang paghahari ng langit." – Mateo 5:3*

# BAWAL MAMILI ANG PULUBI

Buong araw kaming nagtrabaho. Pagod kami at gutom. Lahat kami'y nasarapan sa nakahaing pagkain. Sobrang sarap.

Sabi ng isang kasama ko, "Kapag nasa bundok ka, kahit ano masarap."

Totoo nga naman. Kapag nangangailangan tayo, tatanggapin natin ang ano mang bagay na iaabot sa atin. Magpapasalamat pa tayo. Ika nga, bawal mamili ang pulubi.

Dati hindi ko naiintindihan ang konsepto ng espirituwal na kahirapan. Ipinaliwanag ito sa akin ng kaibigan kong si Fr. Mimo Perez. Sabi niya, ang ibig sabihin nito ay bibitiwan natin ang lahat ng kaalaman natin tungkol sa espirituwalidad at bubuksan ang sarili natin sa kalooban ng Diyos, ano man ito. Maaari lamang gawin ito ng isang taong mapagpakumbaba.

Madalas, dahil pakiramdam ko ay kilalang-kilala ko na ang Diyos, doon ako bumabaling sa mataas na espirituwalidad at nahihirapan akong tanggapin na minsan maaaring mas simple ang kalooban ng Diyos para sa akin. Kung baga, busog na ako kaya maaari akong tumanggi sa inihahain Niya. Namimili ako.

Ngunit kapag tayo ay maralita sa ating espirituwalidad, malugod nating tatanggapin ang ano mang kaloob at biyaya na nais ibigay sa atin ng Diyos. At sa ganoon, napapasaatin ang paghahari Niya.

*George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: May panahon bang tinanggihan ko ang sagot sa akin ng Diyos?

*Panginoon, tulungan Mo akong tanggapin ano man ang kalooban Mo para sa akin.*

***Sta. Maura, ipanalangin mo kami.***

**3**
MIYERKULES
**NOBYEMBRE**

**Mga Taga-Filipos 2:12-18**
Salmo 27:1, 4, 13-14
Lucas 14:25-33

*"Ang dahilan nito ay gumagawa sa inyo ang Diyos upang naisin at gawin ninyo ang kaniyang mabuting kaluguran." – Mga Taga-Filipos 2:13*

# PAGTUPAD NG PANGARAP

Tatlong taon pagkatapos ikasal si Romina, namatay ang asawa niya. Kinailangan niyang maghanap ng trabaho para mabuhay. Bumalik siya sa pag-aaral at pumasok sa kahit anong trabaho na makapaghahatid sa kanya palapit sa pangarap niyang maging isang *pediatrician*. Ambisyon niyang magtayo ng isang *foundation* na tutulong sa mga kabataan ng kapos-palad na mga magulang. Nais niyang yumaman upang makatulong sa mahihirap at maglingkod sa simbahan.

Pagkatapos ng apat na taon, naging doktor si Romina. Nagtayo siya ng klinika sa isang maliit na kubo sa Payatas. Tuwing Sabado, pumupunta siya roon para maglingkod sa mga may sakit at magbigay ng libreng gamot, pagkain at damit sa mga nangangailangan.

Gumagalaw ang Diyos sa buhay natin upang maging pangarap nating tuparin ang kalooban Niya. At habang tinutupad natin ang kalooban Niya, nabibiyayaan tayo. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Pagninilay: Itinanim ng Diyos sa puso mo ang pangarap Niya para sa 'yo.

*Turuan Mo akong maging bukas-palad, Panginoon. Nais kong mabuhay para sa iba, hindi lamang para sa sarili ko.*

***San Winifredo, ipanalangin mo kami.***

**4**
HUWEBES
**NOBYEMBRE**

Mga Taga-Filipos 3:3-8a
Salmo 105:2-3, 4-5, 6-7
**Lucas 15:1-10**

*"Sinasabi ko sa inyo: Sa gayunding paraan magkakaroon ng kagalakan sa harap ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanang nagsisisi." – Lucas 15:10*

# KAMAO NG PAG-IBIG

Pagkatapos siyang makulong, pahirapan at parusahan ng 27 na taon, umupo si Nelson Mandela bilang bagong pangulo ng South Africa. Bumuo siya ng isang komisyon upang dalhin sa hukuman ang mga sundalong lubusang nagpahirap sa mga itim noong panahon ng *apartheid* (diskriminasyon sa mga itim.) Ang sino mang puting sundalo na tumayo sa harapan ng kanyang pinahirapan at aminin ang kanyang kasalanan ay hindi parurusahan.

May isang matandang babaeng humarap sa sundalong nagpahirap at pumatay sa kanyang anak at asawa. Ang sabi niya, "Kahit na wala na akong pamilya, marami pa rin akong pagmamahal na maaaring ibigay." Hiniling niya na bisitahin siya ng sundalo upang tratuhin niya bilang sarili niyang anak. Pagkatapos noon, sinabi niya, "Nais ko siyang yakapin upang malaman niya na ang pagpapatawad ko ay tunay."

Habang palapit ang matandang babae, hinimatay ang sundalo sa sobrang tindi ng hiya. Eh, sino ba naman ang hindi hihimatayin sa tindi ng pag-ibig na bigay ng isang biktimang nagpapatawad? Ganito ang pag-ibig ng Diyos na nakapagpapabago ng puso. *Knockout* ang lahat. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Naranasan mo na ba ang ganitong uri ng pag-ibig? Naikuwento mo na ba ito sa iba?

*Panginoon, 'di ko man maintindihan ang pagmamahal Mo, nawa'y palakihin Mo na lang ang puso ko nang matanggap ko ito't maibahagi sa iba.*

***San Claro, ipanalangin mo kami.***

**5**
BIYERNES
**NOBYEMBRE**

Mga Taga-Filipos 3:17-4:1
Salmo 122:1-2, 3-4ab, 4cd-5
**Lucas 16:1-8**

*"Sapagkat ang mga makasanlibutan ay mas mahusay gumawa ng paraan kaysa mga maka-Diyos sa paggamit ng mga bagay ng mundong ito." – Lucas 16:8b*

# KASANGKAPAN NG MUNDO?

Bago ako naging mangangaral ng Salita ng Diyos, ako ang pinakamagaling na tagapagkuwento, mang-aawit at basagulero.

Sa edad na lima, nagkukuwento na ako sa mga kaibigan ko na taimtim na nakikinig sa akin. Umiihi na sila sa lugar nila para hindi maputol ang pakikinig nila. Nang lumaki na ako, tawang-tawa pa rin sila sa mga pagbibiro ko kahit na paulit-ulit na nilang narinig ang mga ito. Mas marami akong nainom na alak, mas maganda ang pagkukuwento ko.

Ako ang lasing na mang-aawit na hinahatak ng mga brod ko para mangharana sa nililigawan nila. Nakikinig nang maigi sa akin ang mga dalaga at napapasabi sila ng "Awww..."

Hindi ako takot makipagbakbakan dahil malakas akong sumuntok at mabilis akong tumakbo. Mabilis din akong mag-isip kung paano namin matatamaan ang mga kalaban.

Ngunit binago ako ng Karpintero mula sa Galileo! Ngayon, nagkukuwento na ako tungkol sa pag-ibig Niya. Umaawit ako ng mga awiting nakapagpaparamdam sa mga nakikinig ng Kanyang yakap. Oo, nakikipag-away pa rin ako at napalalambot ko ang mga pusong bato para mailapit sila muli sa Diyos.

Ang "makamundong" kasangkapan ko ay ginamit ng Diyos.

Ibang klaseng Karpintero, 'no? *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Ano ang mga makamundo mong kakayahan na maaaring gamitin ng Karpintero para sa Kanyang gawain?

*Lahat ng panghihinayang ko't lahat ng mga kapurihan ko, ang galak at sakit, itinataas ko sa Iyo.*

***Sta. Isabel, ipanalangin mo kami.***

**6**

SABADO

**NOBYEMBRE**

**Mga Taga-Filipos 4:10-19**
Salmo 112:1b-2, 5-6, 8a, 9
Lucas 16:9-15

*"Ang lahat ng ito'y magagawa ko dahil sa lakas ng kaloob sa akin ni Kristo." - Mga Taga-Filipos 4:13*

# PAMPALAKAS

Naulila ang aking mga anak nang maliliit pa sila. Nakatapos sila ng *high school* sa pagpapala ng Diyos, sa tulong ng aking mga magulang at mga kompanya ng *insurance*. Pagpasok nila sa kolehiyo, kaunti na lang ang perang galing sa *insurance*. Buti na lang ginawang matalino ng Diyos ang mga anak ko. Ang panganay ay nakapasok sa UP (magaan sa bulsa); ang bunso ay nakakuha ng ganap na iskolarsip mula sa *De La Salle College of St. Benilde*.

Pero kahit na sila ay masisipag mag-aral, nahirapan din silang makapasa sa ibang klase.

Minsan muntik nang sumuko ang anak ko na nasa Benilde. Dapat niyang ipasa ang proyekto niya kinabukasan. Ilang araw na siyang hindi natutulog at di pa siya tapos. Sabi niya sa akin, "Mom, di ko na kaya. Pero pag di ko natapos, babagsak ako at mawawalan ng iskolarsip." Sa awa ko sa anak ko, sinabi ko na di bale nang mawalan siya ng iskolarsip; di naman kami pinababayaan ng Diyos. Pero sinabi ko rin na bibigyan siya ng Panginoon ng lakas na makatapos.

Hindi ako nagkamali, dinugtungan ng Diyos ang kanyang lakas. Natapos niya ang proyekto, pumasa siya at iskolar pa rin siya. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Pagninilay: Kung saan tayo nauubusan ng lakas, doon nagsisimula ang lakas ng Diyos.

*Panginoon, salamat at Ikaw ang lakas ko.*

***San Barlaam, ipanalangin mo kami.***

**7**

LINGGO

**NOBYEMBRE**

2 Macabeo 7:1-2, 9-14
Salmo 17:1, 5-6, 8, 15 (15b)
2 Mga Taga-Tesalonica 2:16-3:5
**Lucas 20:27-38**

*"Kaya't ang Diyos ay hindi Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay, sa kanya'y buhay ang lahat."– Lucas 20:38*

# PANTASTIKONG BUHAY!

Noong unang bahagi ng nakaraang taon, nagsimula kami sa *Shepherd's Voice* ng *teambuilding program* kung saan may mga nakatutuwang aktibidad kami para pagaanin ang kapaligiran sa opisina sa kabila ng sangkatutak na trabaho. May mga araw na pumapasok kami suot ang bulaklaking damit, o kaya'y nakasumbrero, o kaya'y kakaibang sunglasses para sa tag-araw. Oo nga't nagkakasiyahan kami sa ganitong paraan, pero higit d'yan, nagkakaroon kaming mga empleyado ng kooperasyon, pagiging malikhain at kakayahang magpahiwatig ng sarili. Ang mga tahimik ay nakapagpapakita ng kanilang pagkatao sa mga aktibidad na ito.

Maliban pa roon, mayroon din kaming maliliit na *Feast* dalawang beses sa isang buwan. Maaga kaming pumapasok sa opisina sa isang takdang araw para papurihan ang Panginoon at makinig sa *video talk* ni Bo Sanchez. Pagkatapos, naggugrupo kami para magbahagi ng pagninilay sa isa't isa. Bilang isa sa mga tagapamuno sa grupo, namamangha ako na ang mga kasamahan ko sa trabaho ay nagtitiwalang ibahagi ang mga pangarap nila sa buhay pati mga paghihirap, at kung paano kumikilos ang Diyos sa buhay nila.

Kapag naiisip ko ang mga gawain naming ito sa opisina, umaapaw ang pasasalamat sa puso ko dahil sa wakas ay naririto na ako sa isang lugar kung saan iginagalang ang Diyos, kung saan naghahari ang Diyos, at kung saan buhay ang Diyos sa buhay ng bawat isa! *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Buhay ba ang Diyos sa buhay mo?

*Panginoon, manahan Ka sa akin nang makapagpatuloy akong manahan sa Iyong presensya.*

***San Hieron, ipanalangin mo kami.***

**8**
LUNES
**NOBYEMBRE**

Tito 1:1-9
Salmo 24:1b-2, 3-4ab, 5-6
**Lucas 17:1-6**

*"Kung magkasala sa iyo ang kapatid mo, pagsabihan mo; at kung siya'y magsisi, patawarin mo." – Lucas 17:3*

# AKTO NG PAGMAMAHAL

Siya'y tunay kong iginagalang. Isang taong tiningala ko at hinangaan nang lubos. At nasaktan ko siya. Hindi ko maibabahagi kung paano, pero ang mahalaga ay kung paano niya ito hinarap.

Pinuntahan niya ako sa bahay isang umaga at nagkuwento siya kung paano siya nasaktan sa nagawa ko. Wala akong ideya tungkol doon. Napaiyak ako sa pagsisisi at dahil na rin sa ipinakita niyang mapagmahal na akto ng pagwawasto sa akin. Humingi ako ng tawad at ibinigay niya ito. Bago pa man ay napatawad na niya ako. Pero hindi niya ninais na patawarin ako nang hindi ipinaaalam sa akin ang kamalian ko, para na rin sa sarili kong kapakanan.

Ang pagiging sabik ko sa pagsang-ayon sa akin ng tao ang nagbigay sa akin ng takot na iwasto ang aking kapwang nagkamali. Pero napagtanto ko na maaaring iyon ang pinakamapagmahal na gawain. Sa pagwawasto sa kapwa, pinahahalagahan mo rin sila dahil nagtitiwala kang hindi nila ikasasama ito. Kahit masakit gawin, mapahahalagahan mo ang pagkakaibigan ninyo.

Inaamin kong hindi ko pa rin ito nakasanayang gawin. May mga tao pa rin sa buhay ko na kailangan kong iwasto dahil nasaktan nila ako. Gusto ko rin silang pahalagahan gaya ng pagpapahalaga sa akin ng kaibigan kong iyon.

Sana, sa pagbabasa mo nito, ay natupad ko na ang gawaing ito.

*George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Sino ang mga kailangan kong patawarin? Naiparating ko na ba ito sa kanila?

*Panginoon, bigyan Mo ako ng tapang na iwasto ang kapwa ko nang dahil sa pag-ibig.*

***San Cubi, ipanalangin mo kami.***

**9**
MARTES
**NOBYEMBRE**

Ezekiel 47:1-2, 8-9, 12
Salmo 46:2-3, 5-6, 8-9
**1 Mga Taga-Corinto 3:9c-11, 16-17**
Juan 2:13-22

*Kapistahan ng Paghahandog ng Lateran Basilica sa Roma*

*Hindi ba ninyo alam na kayo'y templo ng Diyos at naninirahan sa inyo ang kanyang Espiritu? – 1 Mga Taga-Corinto 3:16*

# MAAYOS AT MALUSOG

Ilang na ilang ako sa pagsunod sa ehersisyo sa bideyo na ipinangako ko sa sarili kong susundin ko para mapanatili ko ang aking pigura. Ang mga babae't lalaki sa bideyo na may napakagandang mga pigura ay nakangiti sa akin habang pawis na pawis na kumikilos para mas gumanda ang mga katawan nila.

Siyempre hindi naman masamang mag-ehersisyo para panatilihing maayos ang ating mga katawan. Ang problema lang, mas nakatuon ang tao sa pisikal na pangangatawan na ang pag-eehersisyo ay naging relihiyon na para sa ilan. Nakaligtaan na nila ang pagpapalago ng kanilang espiritu.

Sa pagsisikap nating panatilihing malusog ang ating mga katawan, hinuhubog din ba natin ang ating kaluluwa? Nagdarasal ba tayo, nagbabasa ng Biblia at nagsusumikap maging banal? O lahat ba ng pagsisikap natin ay para lamang sa pisikal o mga bagay na ating nakikita?

Bilang mga Kristiyano, kailangan nating itaguyod ang Espiritu ng Diyos na nananahan sa atin. Walang kadakilaan sa mundo ang maihahambing sa pagsasaayos at pagpapalusog ng mga kaluluwa natin. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "May pakinabang sa pagpapalakas ng katawan, ngunit ang pagsusumikap na maging maka-Diyos ay mapapakinabangan sa lahat ng paraan, sapagkat ito'y may pangako hindi lamang sa buhay na ito ngayon, kundi maging sa buhay na darating." (1 Timoteo 4:8)

*Panatilihin Mong malusog ang aking Espiritu, O Panginoon.*

***San Orestes, ipanalangin mo kami.***

**10**
MIYERKULES
**NOBYEMBRE**

Tito 3:1-7
Salmo 23:1b-3a, 3bc-4, 5, 6
**Lucas 17:11-19**

*"Wala bang nagbalik upang magpuri sa Diyos kundi ang dayuhang ito?" – Lucas 17:18*

## TANGGAPAN NG PASASALAMAT

Ayon sa mga ulat mula sa "Tsismisology," may tatlong departamento ang mga anghel sa langit: ang PRD, APDD at TRDD. Sa *Prayer Receiving Department* (PRD), mas abala pa sa *call center* ang mga anghel. Libu-libong mga dasal ang tinatanggap nila kada *millisecond*. Kapag nakapakete na ang mga ito, inihahatid ito sa *Answered Prayer Delivery Department* (APDD) na nagsusumite ng mga ito sa kanilang CEO sa langit. Kapag naaprubahan na, inihahatid nila ang mga pakete na may mga sagot ng Diyos: oo, hindi o maghintay. Ang may "Oo" ay mga inaprubahang dasal na inihatid agad dahil nasa takdang oras ito at ang puso ng mga humiling ay handa na. Ang "Hindi" ay mga biyayang ipinanghalip sa mga hiniling ng tao. Ang "Maghintay" ay mga pagkakataon naman para lumago ang tao sa kalinisan ng budhi.

Pinakahuli ang *Thanksgiving Receiving Department* (TRD), kung saan bugnot na ang mga anghel dahil halos hindi madalas ang pagdating ng mga pasasalamat mula sa lupa. Lubos na ikinasisiya ng CEO kapag may dumarating na isang pasasalamat.

Kaibigan, gawin mong abala muli ang TRD. Bilangin mo ang mga biyayang natanggap mo, mag-alay ka ng Misa ng pasasalamat, ibahagi mo ang mga biyaya mo sa kapwa mo at paligayahin ang puso ng Diyos. Matiyaga Siyang naghihintay sa iyo. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Magkaroon ng pusong mapagpasalamat; ililigtas ka nito sa *heart transplant*.

*At magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo. (1 Mga Taga-Tesalonica 5:18)*

***San Monitor, ipanalangin mo kami.***

**11**

HUWEBES

**NOBYEMBRE**

**Filemon 7-20**
Salmo 146:7, 8-9a, 9bc-10
Lucas 17:20-25

*"Sapagkat dahil sa iyo sumigla ang kalooban ng mga Banal na." – Filemon 7*

# MAHIRAP ISALAYSAY

Nakabibighani at mahirap isalaysay ang karanasan namin. Labis ang pasasalamat naming mag-asawa sa Diyos sa pagkakataong ibinigay Niya sa amin na maging mga tagapamuno ng pagsamba sa aming komunidad, ang Bukas Loob Sa Diyos Catholic Covenant Community.

Habang papalapit ang takdang araw ay lumalakas ang pagnanais at pag-aasam namin sa hindi pangkaraniwang karanasang ito. Pero kasabay din nito ay nerbiyos at kaba nang naghahanda kami. "Dapat siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan" (Juan 4:24). Ito ang pinakamahirap na bahagi ng paghahanda — na kami'y magpakatotoo. "Sapagkat kung ano ang bukang-bibig, siyang laman ng dibdib" (Lucas 6:45).

Kung gaano kahirap ang dinaraanan namin, ganoon din ang lakas ng dating ng Espiritu sa oras ng pagsamba. Sa nakatakdang panahon, habang nakatayo kami sa harap ng maraming mananamba, biglang nawala ang matinding lamig sa loob ng simbahan, at ang mainit na Banal na Espiritu ang namahala sa kaganapan.

Ganoon na lamang ang abang pasasalamat namin sa Mahal na Diyos na kami ay ginagamit Niya upang sumigla ang kalooban ng nakararami. Mari Q. Sison-Garcia **(mari_sison_garcia@yahoo.com)**

Pagninilay: Kapag tayo ay tinawag ng Banal na Espiritu, tayo ay dapat laging handang maglingkod sa Kaniyang kaharian, ano mang oras.

*Mahal na Diyos, basbasan Mo po kami ngayong araw na ito nang kami'y magamit Mo sa paghipo ng mga puso ng aming mga kapatid.*

***Sta. Aba Mina, ipanalangin mo kami.***

**12**

BIYERNES

**NOBYEMBRE**

**2 Juan 1:4-9**
Salmo 119:1, 2, 10, 11, 17, 18
Lucas 17:26-37

*At ngayon, minamahal na Ginang, hinihiling ko sa iyo na mag-ibigan tayong lahat. Hindi ito bagong utos kundi isang dating utos na sa simula pa'y nasa atin na.*
*– 2 Juan 1:5*

# ANG KARUNUNGAN NG MGA BATA

Kumakain ang isang pamilya sa restawran nang may isa pang pamilyang naupo sa mesang katabi nila, nag-*order* at naghintay sa kanilang pagkain.

Nang nagsimula nang kumain ang unang pamilya, napansin ng batang anak na babae kung ano ang kinakain ng pamilyang iyon. Nakita niya na isang mangkok ng kanin at isang di-kalakihang isda lamang ang nakahain sa mesa. Napansin din niya na halos hindi ginalaw ng mga magulang ang pagkain, at hinikayat ng mga ito na kumain ang mga anak nila. Nakita niyang malilinis naman sila pero hindi maayos ang kasuotan nila, at mukhang gutom na gutom sila.

Makalipas ang ilang minuto, tinanong niya ang nanay niya kung puwede niyang ibigay na sa pamilyang iyon ang pagkain niya sa plato. Pinagalitan siya ng nanay niya, at sinabing huwag na niyang intindihin ang ibang tao at kumain na lamang siya. Katuwiran niya, "Tingnan mo sila, gutom sila pero ganoon lang ang pagkain nila. Ang dami nating pagkain pero sa kanila, isda lang. Hindi ba itinuro niyo sa amin na maging mapagpala?"

May mga pagkakataong mas marunong ang mga bata kaysa sa matatanda. Kapag ginagamit ng Panginoon ang mga bata para ipaalala sa atin ang tawag sa atin na magmahal, makinig tayo sa kanila. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ang pag-ibig ay mauutal kaysa maging pipi." (Robert Leighton)

*Madalas kong inilalayo ang tingin ko kapag may kaibigan akong nangangailangan. Tulungan Mo ako, Panginoon, na isapuso ang pagmamahal kahit ano pa man ang sitwasyon. Bigyan Mo ako ng pusong mapagmahal.*

***San Machar, ipanalangin mo kami.***

13
SABADO
NOBYEMBRE

3 Juan 5-8
Salmo 112:1-2, 3-4, 5-6
**Lucas 18:1-8**

*"Sa isang lunsod ay may isang hukom na walang takot sa Diyos at walang iginagalang na tao." – Lucas 18:2*

# MAGPAKATOTOO TAYO!

Magpakatotoo tayo ngayon (dahil iyon ang tunay na panalangin).

Paano maihahambing ni Jesus ang Diyos sa isang di-makatarungang hukom? Alam ni Jesus kung paano tayo mag-isip. Minsan maiitim ang iniisip natin tungkol sa Diyos at ang takot natin sa Kanya ay malalim, kaya bihira nating sabihin kung ano ang nasasaisip natin.

Sige, aminin mo na: minsan tila ang Diyos ay isang di-makatarungang hukom. Parang wala Siyang pakialam sa atin. Nagdarasal tayong tulungan Niya tayo pero hindi naman Niya ginagawa. Alam ni Jesus kung paano nakabibigo ito sa atin. Alam Niyang may mga panahong gusto na lang nating sumuko at itigil ang pagdarasal sa Diyos Ama. Pero sinasabi pa rin sa atin ni Jesus na magpatuloy lang tayo sa pagdarasal. Bakit? Hindi ko alam kung ano ang nasa isipan ng Diyos pero alam ko kung sino Siya.

Siya ang Dakilang Hukom. Hindi ang bulok na uri na basta-bastang nagbibigay ng resulta, kundi ang mapagpalang uri na laging mabuti at maykaya. Higit na katiyakan na ito para patuloy akong manalig sa Kanya.

Manalangin tayo ngayon. Muli. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Naging matapat ka ba sa Diyos tungkol sa nadarama mo tuwing hindi Niya sinasagot ang mga dasal mo? Maaari mong ibuhos sa Kanya ang nilalaman ng puso mo.

*Ama, pagod na akong magdasal. Yakapin Mo ako.*

***San Didaco, ipanalangin mo kami.***

**14**

LINGGO

**NOBYEMBRE**

Malakias 3:19-20a
Salmo 98:5-6, 7-8, 9
2 Mga Taga-Tesalonica 3:7-12
**Lucas 21:5-19**

*Sapagkat bibigyan ko kayo ng katalinuhan at ng pananalitang hindi kayang tutulan o pabulaanan ng sinuman sa inyong mga kaaway. - Lucas 21:15*

# BULONG NG DIYOS

Ang *adolescence* o pagbibinata/pagdadalaga ay panahon kung kailan inaakala ng tinedyer na alam na niya bigla ang lahat ng bagay sa mundo higit pa sa kanyang magulang.

Hindi iyan galing sa diksyonaryo. Iyan lang ang naramdaman ko noong ganyan ang edad ng mga anak ko. Ang panganay ko siguro, namana ang pagka-abogado ng tatay ko. Kapag ipinatutupad ko ang batas sa bahay, siya ay tumututol. Kapag mayroon akong opinyon, siya naman ay sumasalungat.

Minsang papunta kami sa simbahan, nagsumbong siya tungkol sa karaniwang pinagtatalunan ng magkakapatid. Napatingin ako sa langit at nagdasal, "*Lord*, ikaw na ang bahala rito. Siguradong kokontra ito sa sasabihin ko."

Sinabihan ko ang anak ko na dagdagan ang pasensya't pagmamahal niya sa kapatid niya. Gaya ng inasahan ko, mabilis siyang tumutol, "Bakit ko naman gagawin 'yon? Di naman siya ganoon sa akin." Simple lang ang naisagot ko, "Kasi kuya ka. Dapat ikaw ang magbigay ng magandang halimbawa."

Hinintay ko ang susunod niyang pagtutol pero natahimik siya. Doon ko naramdaman na hindi galing sa akin ang sinabi ko kundi sa Banal na Espiritu. Hindi natin kayang kontrahin ang Salita ng Diyos. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Pagninilay: "Ang may karunungan sa isip at puso niya ay di na kailangang manigaw sa kapwa." (Spiros Zodhiates)

*Panginoon, ituro Mo sa akin ang tamang sasabihin sa tamang oras.*

***San Modanic, ipanalangin mo kami.***

15
LUNES
NOBYEMBRE

Pahayag 1:1-4; 2:1-5
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Lucas 18:35-43**

*"Panginoon, gusto ko po sanang makakitang muli."*
*– Lucas 18:41*

# TUNAY NA BISYON, TUNAY NA BUHAY

Akala ko noon, ang buhay-*fraternity* ay ang *"the life!"* Kapag sinasabi ng mga *"barbarian"* (mga hindi kabilang sa frat), "'Pag 30 na ako, magiging ___ ako… At 'pag 40 na ako, ___ na ako ng isang malaking kompanya," natatawa ako. Pero ngayon, kapag nakikita ko sila na pustura't may magagarang kotse, naiinggit ako.

Sinabi ni Socrates na ang buhay na hindi sinuri ay walang kabuluhan. At sinabi ni Helen Keller na ang pinakabulag na mga tao sa mundo ay ang may mga mata ngunit hindi nakakikita.

Kaya't sinuri ko ang buhay ko at napagtanto ko na ako'y nabubuhay nang "bulag" at pakawala. Dinasal ko na nais kong makakita. At binago Niya ang buhay ko sa pamamagitan ng aking *mission-vision statement*: Ang ibigay nang lubos ang sarili ko sa gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng pagiging:

- Mapagmahal na asawa't ama;
- Mapag-arugang kaibigan at kapatid;
- Mapagsumikap na tagasaliksik at tagapagturo;
- Mabuting empleyado sa kompanyang pinapasukan ko;
- Maganyak na empresaryo;
- Masimbuyong anak ng sining; at
- Pinagpalang saksi at tagapaghayag ng Ebanghelyo.

Ngayon, taimtim kong inihahayag na ang lahat ng ito ay natupad na sa kagandahang-loob ng Diyos! Amen. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: *"Amazing grace, how sweet the sound, that saved a wretch like me, I once was lost and now I'm found, was blind but now I see…"*

*Panginoon, nais kong makakita.*

***San Leopoldo, ipanalangin mo kami.***

**16**
MARTES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 3:1-6, 14-22
Salmo 15:2-3a, 3bc-4ab, 5
**Lucas 19:1-10**

*"Ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw." – Lucas 19:10*

# PAG-AARI NIYA

Kapag isasara mo ang isang dokumento sa *Microsoft Word*, nagtatanong ang kompyuter, *"Do you want to save changes?"* Iyon ay kung may binago ka. Pero kung na-*save* mo na ito at wala ka namang binago, kusa nang mase-*save* ang gawa mo. Sa katunayan, kung susubukan mong i-*save* pa ito, hindi mo na maikiklik ang *save option*. Bakit? Dahil wala nang kailangang i-*save*.

Kung may bagay na hindi sa iyo, hindi mo ito maitatago. Maitatago mo lamang ito kung pag-aari mo ito.

Nagiginhawahan ako sa natanto ko na iniligtas tayo ng Diyos dahil tayo ay mga pag-aari Niya simula't sapul pa. Kung hindi tayo ipinanganak na mabuti, dalisay at banal, hindi na Niya tayo ililigtas pa. Isinilang tayo sa landas patungong langit. Pero kadalasan ay naliligaw tayo, kaya kailangan tayong ibalik sa tamang landas. Pero ang kagandahan nito, hindi naman tayo nakatakdang tumahak sa maling landas.

Maraming beses kong nakakalimutan ang katotohanang ito kapag tinitingnan ko lamang ang mga kamalian ko't kahinaan. Pero ang pinakamalaking katunayan ay nilikha ako ng Diyos sa Kanyang kaanyuan.

Pinipili ko, at pagkatapos ay pinagtutuunan ko iyon. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Naliligaw ka ba? Intensyon Niyang hanapin ka at iligtas.

*Panginoon, ninanais kong mahanap Mo ako.*

***San Gratia, ipanalangin mo kami.***

**17**
MIYERKULES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 4:1-11
Salmo 150:1b-2, 3-4, 5-6
**Lucas 19:11-28**

*"Tinawag niya ang sampu sa kanyang mga alipin... Sinabi niya sa kanila, 'Ipangalakal ninyo iyan hanggang sa aking pagbabalik.' – Lucas 19:13*

# IPANGALAKAL MO

Taong 2004 nang sumali ako sa Light of Jesus Community. Sa sumunod na taon ay sumali ako sa *Intercessory Ministry* nila kung saan ko natutunan ang tungkol sa pakikipag-usap sa Diyos at pagpapalalim ng ugnayan sa Kanya. Sumali rin ako sa *Service Team* at sa *Training Ministry* kung saan ako natuto ng marami pang mga bagay.

Mula 2005, nasabak ako sa iba't ibang mga seminar, *recollection* at *retreat*. Natuto akong humawak ng grupo, magbigay ng mga *talk* at *ministry times*, gawin ang pinakasimple hanggang malaking gawain ng tagapaglingkod. Kinalaunan, naging tagapamuno rin ako ng *Intercessory Committee* ng Kerygma Conference 2007. Sa madaling salita, lumago ako sa paglilingkod.

Noon, isinusulat ko ang mga pagninilay ko't ibinabahagi ko lamang sila. Ngayon, nabigyan ako ng pagkakataong sumulat sa Gabay. Habang binabasa mo ito, maaring nalathala na ang una kong aklat.

Di ko inakalang magagawa ko ang lahat ng ito gayong wala akong sapat na karanasan at may kapansanan pa ang paa ko. Pero sa Kanyang kagandahang-loob, binigyan ako ng Diyos ng isang gintong salapi at sinabing, "Ipangalakal mo iyan…."

Habang pinatatatag Niya ako't pinatitibay ang aking pananampalataya, tinutulungan Niya akong lumago at ibahagi sa iba ang aking gintong salapi. *Ma. Luisa dela Cruz (ma_luisa2004@yahoo.com)*

Pagninilay: Anong mga gintong salapi ang ibinigay sa iyo ng Diyos? Paano mo sila pararamihin at gagamitin?

*Mahal kong Diyos, tulungan Mo po akong linangin at ibahagi ang aking oras, kaalaman at kayamanan na ipinagkatiwala Mo sa akin.*

***Sta. Hilda, ipanalangin mo kami.***

**18**
HUWEBES
**NOBYEMBRE**

Ang Mga Gawa 28:11-16, 30-31
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4, 5-6
**Mateo 14:22-33**

*Kinilabutan sa takot ang mga alagad nang makita nilang may lumalakad sa ibabaw ng tubig. "Multo!" sigaw nila. – Mateo 14:26*

# MABIGO NANG MALAKAS

Hindi ka ba nagtataka na sa kabila ng di-makatarungang panghuhusga ni Pedro sa pangyayaring ito, hindi nagbago ng isip si Jesus na kay Pedro Niya ibibigay ang "mga susi sa Kaharian" at gagawin Niya itong lider ng Kanyang mga tagasunod?

Nabigo si Pedro. Pero ganoon din ang ibang nakasakay sa bangka! Tandaan na kinilabutan sila sa takot, pinagkamalang multo si Jesus at sumigaw sila. Sa katunayan, si Pedro lamang ang naniwala sa sinabi ni Hesus at tumanggap sa hamon Nitong bumaba sa bangka. Ang iba'y nag-alinlangan o nabalot sa takot, o pareho!

Pero natatangi si Pedro. Ang iba'y nabigo nang tahimik, pero si Pedro ay nabigo nang malakas. Nabigo siya sa pagsubok. Tagumpay ito sa mata ni Jesus.

Tinanong si Thomas Edison, "Anong masasabi mo sa sampung libong kabiguan mo bago mo napailaw ang unang *incandescent bulb*?" Sagot niya, "Hindi ako nabigo. Nakatuklas lang ako ng sampung libong paraan na hindi gumana!"

Ang hinaharap ay para sa mga taong may tapang na mangarap, may tapang na kumilos at may tapang na mabigo. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Binigyan ka na ba ng Diyos ng pangarap ngunit hindi mo natupad ito dahil sa takot? Ngayon ang unang araw mo para maglakad sa tubig.

*Iligtas Mo ako, Panginoon, sa takot sa pagkabigo na nakapaparalisa sa marami Mong lingkod na mapatupad ang plano Mo sa aming buhay.*

***San Odo, ipanalangin mo kami.***

19

BIYERNES

NOBYEMBRE

Pahayag 10:8-11
Salmo 119:14, 24, 72, 103, 111, 131
**Lucas 19:45-48**

*"Subalit wala silang makitang paraan upang maisagawa ito dahil taimtim na nakikinig sa Kanya ang buong bayan." – Lucas 19:48*

# NAILIGTAS NG "THE FEAST"

"Naisip ko nang sumapi sa ibang relihiyon," sabi ng kapatid kong babae sa akin isang umaga. Nagulat ako. "Pero salamat sa *The Feast*, mukhang nakita ko na ang hinahanap ko — isang paraan ng pagpapalalim ng ugnayan ko sa Diyos," dagdag pa niya sa isang hininga.

Dumadalo na sila ngayon ng pamilya niya sa *The Feast* halos tuwing Linggo. Pagkatapos, kumakain sila sa labas at nagrerelaks kasama ang mga bata. Habang kumakain, pinag-uusapan nila ang paksa sa *The Feast*. Ang mga anak niya, bagama't parang hindi nakikinig o kaya'y natutulog habang nagaganap ang *talk*, ay kagulat-gulat na naiintindihan pala ang naririnig nila, at nakukuha nila ang mga biro at nakatatawang kuwento. At kahit na hindi sila nakikisali nang husto sa pagpupuri, naaantig sila kahit papaano. Ang binatilyo niya ay nag*download* ng ilang mga awit ng papuri sa iPod niya at naririnig nilang kinakanta niya ang mga awiting iyon.

Patuloy na kumakapit ang kapatid ko sa Salita ng Diyos na ipinapangaral sa *The Feast* upang malampasan niya ang mga pagsubok na dumarating sa kanya sa pagnenegosyo. Masaya ako na hindi siya sumapi sa ibang relihiyon. Tunay ngang kumikilos ang Diyos sa mahiwagang paraan! *Tess V. Atienza (svp_tvatienza@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano ka lumalago sa pag-ibig mo para sa Salita ng Diyos? Maglaan ka ng oras para sa Kanyang Salita bawat araw.

*Hubugin Mo ako ayon sa Iyong salita, O Panginoon, nang ako'y lalong maging tulad Mo.*

***San Crispin, ipanalangin mo kami.***

**20**
SABADO
**NOBYEMBRE**

Pahayag 11:4-12
Salmo 144:1b, 2, 9-10
**Lucas 20:27-40**

*'Kung mamatay ang kuya ng isang lalaki at ang asawa nito'y maiwang walang anak, siya ay dapat pakasal sa biyuda upang magkaanak sila para sa namatay.'*
*- Lucas 20:28*

# ANG HRT NG DIYOS

Dati, may pagkalampa ako — natatapilok, nababangga, nakabibitiw sa kinakapitan. Nabago lang iyon nang magkaanak ako. Sa awa ng Diyos, di ko nabitiwan ang mga anak ko noong sanggol pa sila. Pero ang pagbangga ko sa mga silya o mesa ay di nabago. Kaya ayaw akong payagang magmaneho ng asawa ko. Di raw namin kayang magpaayos ng kotse buwan-buwan.

Nang mabiyuda ako, ang isa sa pinakamalalaking hamon sa akin ay ang pagmamaneho. Kapag kailangan kong ihatid ang mga anak ko, nagiging banal na karanasan ang bawat biyahe namin. Naglilitanya ako habang nasa kalye — mga isang daang Gloria, Aba Ginoong Maria at Ama Namin ang dinarasal ko. Buti na lang hindi ako pinababayaan ng Diyos.

Habang isinusulat ko ito, nasa talyer ang kotse namin dahil natuyuan ng tubig. Malay ko bang hindi dapat lagyan ng tubig kung patay ang makina — kaya may pumutok tuloy. Nagpadala ang Panginoon ng mekaniko — nasiraan ako malapit sa talyer. Nangyari rin iyon nang nasa bahay ang papa ko at siya ang kumausap sa mekaniko. Iyan ang HRT (*Husband Replacement Therapy)* ni *Lord*. Nagpapadala Siya ng mga taong tumutulong sa akin kapalit ng pag-aalaga ng namayapa kong kabiyak. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Pagninilay: "Walang aksidente sa Diyos." (Henry W. Longfellow)

*Jesus, hindi Mo ako binigo kailanman.*

***San Edmundo Rich, ipanalangin mo kami.***

**21**
LINGGO
**NOBYEMBRE**

2 Samuel 5:1-3
Salmo 122:1-2, 3-4, 4-5
Mga Taga-Colosas 1:12-20
**Lucas 23:35-43**

*Solemnidad ni Kristo ang Hari*

*At sinabi pa nito, "Jesus, alalahanin Mo ako kapag naghahari Ka na." – Lucas 23:42*

## HARI SA TRONONG KAHOY

Sa salitang "hari" ay nakikita ko ang larawan ng palasyong tadtad ng makikinang na bato, malalaking salu-salo, mahahalagang dignitaryong nagtitipon sa harap ng lalaking nakaupo sa ginintuang trono. Ito ang pangmundong larawan.

Para sa atin na nakilala na si Kristo, ang tunay na Hari, mas alam natin. Ang trono Niya ay gawa sa lumang kahoy na krus ngunit dala nito'y mga kayamanang pangwalang hanggan, isang lugar sa kanang kamay ng Ama na walang kasing ganda — ang paraiso sa langit.

Isang paalala lang: Ang mga daan papunta sa mga kuwartong inihanda ng Diyos para sa atin ay mabubuksan lang kung mamamatay tayo sa ating sarili, magiging mapagpakumbaba, at aasa lamang sa pagtutustos ng Diyos at sa paggamit ng yaman sa mundo para ipalaganap ang pag-ibig Niya.

Ang una ay dapat mahuli.

Ang simple ay mayaman.

Ang pangunguna ay kamatayan sa paglilingkod.

Ipinakita ni Kristong Hari natin ang daan. Sumunod tayo. *Grace Princesa (grprincesa@yahoo.com)*

Pagninilay: Isang hamon sa atin ang maging hindi makamundo sa mundo kung saan naghahari ang tiyan at ang salapi.

*Panginoon, tunay na Hari, tulungan Mo akong umalinsunod sa buhay Mong simple ngunit may hamon sa paglilingkod — pagdadala ng krus araw-araw nang makasama ako sa Iyong kaharian sa langit.*

***San Digain, ipanalangin mo kami.***

**22**
LUNES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 14:1-3, 4b-5
Salmo 24:1bc-2, 3-4ab, 5-6
**Lucas 21:1-4**

*"Sinabi niya sa mga alagad, "Ang inihandog ng mahirap na biyudang iyon ay higit pa sa inihandog nilang lahat." – Lucas 21:3*

# LAHAT NG MAYROON SIYA

Napanood mo na ba ang pelikulang *Cinderella Man?* Tungkol ito sa isang mahirap na lalaki na naging sikat na boksingero. Hindi sang-ayon ang misis niya sa pinasok niya kaya't pinuntahan ni misis ang *promoter* para pagalitan ito sa paghihikayat sa kanyang pumasok sa marahas na laro. Pakiramdam ng misis ay pinagkakakitaan lang siya ng *promoter*.

Pagdating sa apartment ng *promoter*, nakita nitong ipinagbili ng *promoter* ang lahat ng kagamitan niya para magkaroon ng perang pambayad ng *entrance fee* sa susunod na malaking laban. Isinakripisyo ng *promoter* ang kaginhawaan dahil malaki ang pagtitiwala nito sa alaga niya.

Ang halaga ng ibinibigay natin ay hindi importante. Nakasalalay ang halaga nito sa kung gaano ito kaimportante sa atin — kung gaano kalaki ang isinakripisyo natin.

Napapaisip ako kung gaano kabukas ang loob ko sa pagsasakripisyo ng huling pag-aari ko. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Naging kuripot ba ako sa mga pag-aalay ko sa simbahan at sa pagbibigay ng ikapu? Bakit hindi ko mabitiwan ang mga ito?

*Panginoon, tulungan Mo akong isuko ang huling pag-aari ko, sa kaalamang hindi ko madadaig kailanman ang kabutihan Mo.*

***San Marcos at San Esteban, ipanalangin ninyo kami.***

**23**
MARTES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 14:14-19
Salmo 96:10, 11-12, 13
**Lucas 21:5-11**

*Marami ang darating sa aking pangalan at magsasabi, "Ako ang Kristo."– Lucas 21:8*

# MGA EBANGHELISTA

Buksan mo ang *cable TV* mo at makikita mong maraming ebanghelistang nangangaral tungkol sa Salita ng Diyos. Sa isang istasyon makikita mong inaatake ng isang mangangaral ang kapwa nito mangangaral na taga-ibang sekta. Ganoon din ang makikita mo sa ibang istasyon. Inihahayag nila ang Salita ng Diyos pero hindi sila tumitigil sa paninira sa pananampalataya ng ibang sekta. Bawat isa sa kanila'y nagsasabing ang pananampalataya nila ang tunay na daan patungo sa Diyos.

Paminsan-minsan, malilito ka na at tatanungin mo sa sarili mo, "Sino na bang paniniwalaan ko?" Ang piling talata ngayon ang gagabay sa atin kung paano mangilatis. Sinasabi sa Biblia na maraming darating gamit ang ngalan ni Jesus kaya't dapat tayong maging mas mapangilatis. Tingnan mo kung paano namumuhay ang mga ebanghelistang ito at doon ay malalaman mo kung sino ang dapat paniwalaan.

Pero mas lumalalim ang katanungan ko: Paano ako mamumuhay? Nabibigyang-inspirasyon ko ba ang mga nakapaligid sa akin o nagkakasala ba sila dahil sa akin?

Ako ay ebanghelista rin tulad mo. Lahat tayo'y tinawag upang maghayag tungkol sa Mabuting Balita at palaganapin ito. Paniniwalaan ba tayo? *Hermie Morelos (hrm9224@yahoo.com)*

Pagninilay: Mamuhay ka sa paraang makikita ng kapwa mo si Jesus sa iyo.

*Jesus, pahintulutan Mo akong gawin ang tungkulin ko sa pagsasatupad ng Iyong Ebanghelyo.*

***San Columbano, ipanalangin mo kami.***

**24**
MIYERKULES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 15:1-4
Salmo 98:1, 2-3ab, 7-8, 9
**Lucas 21:12-19**

*"Sa inyong pagtitiis ay maililigtas ninyo ang inyong buhay." – Lucas 21:19*

# TULUYANG NAGBAGO

Isa sa mga *"Lost Boys"* ng Sudan, ang mga lumikas sa kaguluhan at patayan doon at naturuan na ng mga misyonero tungkol sa Ebanghelyo, ay nagsalita sa harap ng konggregasyon at nagsabing nagpapasalamat sila sa mga ginhawang dulot ng pagtira nila sa Amerika. Pero higit siyang nagpapasalamat sa pananampalatayang natutunan niya sa gitna ng paghihirap. "Ang mga Amerikano'y naniniwala sa Diyos," sabi niya, "pero hindi nila alam kung ano ang nagagawa ng Diyos."

Ang mga taong may malalim na galak at karunungan ay may iisang pagkakapareho na nagtatahi sa mga hibla ng buhay nila. Pinagdaanan nila ang matinding pagsubok, nagpakatatag at nagkaroon ng buhay sa paraang naririnig o nababasa lang natin sa pahayagan. Inalis sa kanilang pagpapahirap ang lahat ng mahahalaga sa kanilang pagkatao. Tinamaan sila ng pinakamatinding pasakit, kasama na ang pagkamuhi sa kanila ng pamilya nila.

Ngunit ang Diyos, na tila hinihipan ang lahat ng natitirang lampara ng pag-asa sa madidilim nilang kulungan, ay nagawa ito para buksan ang mga bintana't papasukin ang ilaw ng langit.

At tuluyan nang nagbago ang buhay nila! *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Palagay mo ba hinipan na ng Diyos ang apoy sa kandilang nagbibigay-liwanag sa iyong kadiliman? Magsaya ka! Magbabago ang buhay mo.

*Panginoon, hindi madaling maniwala at manindigan para sa Iyo. Hihintayin kong mabuksan ang mga bintana nang makita ko ang pagpasok ng ilaw ng langit.*

***San Colmano ng Cloyne, ipanalangin mo kami.***

**25**
HUWEBES
**NOBYEMBRE**

Pahayag 18:1-2, 21-23; 19:1-3, 9a
Salmo 100:1b-2, 3, 4, 5
**Lucas 21:20-28**

*Sa panahong iyon, makikita nila ang Anak ng Taong dumarating na nasa alapaap, at may kapangyarihan at dakilang karangalan. – Lucas 21:27*

# LUMIKHA NG KAGANDAHAN!

Ang inspirasyon ng Diyos ay maaaring maganap sa mga di-inaasahang sandali. Tinitiis ko ang malubak na biyahe habang nakasakay sa likod ng tricycle papunta sa misyon ko nang makita ko ang napakagandang langit at mga ulap. Nakalimutan ko bigla ang lubak, naalala ko ang talata sa itaas, at napasulat ako ng kanta na pinamagatan kong *"I Want to See."*

*"I want to see what lies behind the heavens / I want to see what lies beyond the clouds / I want to see You Lord, in all Your power and glory / I want to see Your face, gaze on Your beauty forever / I want to feel the joy of saints and angels / I want to feel the zeal of endless praise / I want to see His joy throughout all people / I want to feel His love among all men / I want to see, I want to feel, I want to be with You!*

Ikaw? Ano ang maganda (at pang-abala) na bagay-bagay sa paligid mo na nagbibigay-inspirasyon sa iyo?

Sundin mo ang simbuyong lumikha ng kagandahan at gumawa ng mabuti. (Paalala: Ang awit na ito ay kabilang sa aking CD album, *You Brought Me Joy!*) *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: Walang nabulag o lumabo ang mata sa pagtingin sa kagandahan ng buhay.

*Panginoon, pahintulutan Mo akong matikman at makita ang kabutihan Mo sa bawat araw ng buhay.*

***Sta. Jucunda, ipanalangin mo kami.***

**26**

BIYERNES

**NOBYEMBRE**

Pahayag 20:1-4, 11-21:2
Salmo 84:3, 4, 5-6a, 8a
**Lucas 21:29-33**

*At sinabi sa kanila ni Jesus ang isang talinghaga, "Tingnan ninyo ang puno ng igos at iba pang punongkahoy." – Lucas 21:29*

## PUNONGKAHOY

Ang Panginoon ay may malilikhaing paraan sa paghahatid ng mensahe sa atin. Ginagamit Niya ang kalikasan para ipaalala kung gaano Niya tayo kamahal. Nilikha Niya ang mga punongkahoy para sabihin sa atin ang pagpapalit ng panahon.

Ang mga punongkahoy ay nagbibigay ng isa pang mahalagang mensahe ngayon. Nauubos na ang mga gubat. Nakapanonood ako ng National Geographic Channel paminsan-minsan at nakalulungkot makita na kaya tayo may mas malalakas na bagyo ay dahil kaunti na lang ang mga punong tumutulong sa pangangalaga ng klima at paglilinis ng mga nakasasamang elemento sa hangin.

Ngunit kung tayo'y makikinig sa mga panghudyat at magtatanda, maaari pa nating masiguro na makatatanggap pa rin ng mensahe ng Panginoon ang mga susunod na henerasyon. May mga punongkahoy pa silang hahangaan at magagawan ng mga tula. Itaguyod ang mga pangkalikasang kusa sa simple mong paraan. *Mae Ignacio (maemi04@aim.com)*

Pagninilay: Sa aking munting paraan, mayroon ba akong maitutulong sa pag-aruga sa mga nilikha ng Panginoon?

*Ama, tulungan Mo po akong maging mabuting bantay ng Iyong mga nilikha.*

***San Conrado, ipanalangin mo kami.***

**27**

SABADO

**NOBYEMBRE**

**Pahayag 22:1-7**
Salmo 95:1-2, 3-5, 6-7ab
Lucas 21:34-36

*Maaasahan at totoo ang mga salitang ito.*
*– Pahayag 22:6*

# SALITA NIYA, PANGAKO NIYA

Nagdarasal siyang magkatrabaho. Binigyan siya ng Diyos ng dalawang pagpipilian.

Pagkatapos niyang kilatisin ang sitwasyon at maghintay, pinili niya ang una, ang kumpanyang sumagot agad sa sulat niya. Alam niyang mas malaki ang suweldong ibibigay sa kanya noong isang eskuwela, pero payapa siya sa desisyon niya. Kaya't tinanggap niya ang trabaho.

Pagkaraan ng isang linggo, tumawag ang kabilang eskuwela, nag-aalok ng doble sa suweldo niya sa pinasukan niya. Hindi niya inasahang ganoong kalaki! Puwede naman siyang umatras. Isang linggo pa lang naman siyang nagtatrabaho at matagal pa ang pagbubukas ng bagong *school year*. Kaso babalikan niya ang pinagkasunduan nila, at kailangan niya ng pera dahil nagsisimula pa lang silang magtaguyod ng pamilya. Sigurado ipapayo ng iba na kunin niya ang pangalawang alok.

Pero nagpasya siyang manatili at tuparin ang kasunduan. Alam din niyang mahalaga ang isang salita. Ngayon, mas masaya siya. Higit siyang pinagpapala.

Tapat ang Diyos sa Kanyang Salita. Kung ganoon din tayo, binubuksan natin ang walang katapusan Niyang biyaya. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninlay: Gaano kahalaga sa akin ang pagtupad sa aking binibitiwang salita?

*Panginoon, tulungan Mo akong maging katiwa-tiwala gaya Mo.*

***Banal na Miguel Takeshita, ipanalangin mo kami.***

28

LINGGO
NOBYEMBRE

Isaias 2:1-5
Salmo 122:1-2, 3-4, 4-5, 6-7, 8-9
Mga Taga-Roma 13:11-14
**Mateo 24:37-44**

*"Kaya't maging handa kayo dahil hindi ninyo alam kung kailan darating ang inyong Panginoon." – Mateo 24:42*

# DAKILANG PAGBUBUNYAG

Bago ako nagbalik-loob sa Diyos, ang Misa para sa akin ay nakakatamad. Dumadalo lang ako dahil sinasabi ng nanay ko na kasalanang mortal ang hindi pagsisimba. Sumasama nga ako pero tinutulugan ko ang homilya.

Papuri sa Diyos para sa Charismatic Renewal at sa pagbabago ng tingin ko sa Misa. Kamakailan, binasa ko uli ang aklat na *Lamb's Supper: The Mass as Heaven on Earth* ni Scott Hahn. Sa isang bahagi ng libro, isinulat niya, "Puwede mong sabihin sa kanila na, oo, malapit na ang katapusan; oo, ang apokalipsis ay naririto na. Pero *laging* itinuturo ng Simbahan na malapit na ang katapusan ng panahon — kasinglapit ng simbahan ninyo sa parokya. At ito'y isang bagay na dapat mong sinasalubong, hindi tinatakbuhan."

Sa mga Hudyo, inilalarawan ng apokalipsis ang bahagi ng isang linggong pagdiriwang nila ng kasalan. Ito ang pag-aalis ng tabing sa mukha ng birheng ikakasal. Kaya sa Misa, ang apokalipsis (pagbubunyag) ay nagaganap at si Jesus at ang langit ay naibubunyag sa harap mismo natin.

Kaya't hindi lang tayo may dahilan para matakot sa apokalipsis, mayroon ding dahilan para manatiling gising sa Misa. Ipaalala natin ito sa ating mga sarili sa susunod na pagdiriwang ng Eukaristiya. Abangan natin ang dakilang pagbubunyag. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Wala kang magagawang bagay na magbibigay ng higit na kaluwalhatian sa Diyos o magiging mas kapaki-pakinabang sa iyong kaluluwa kaysa sa pakikinig sa Misa nang palagian at matimtiman." (St. Peter Julian Eymard)

*Panginoon, lagi Mo akong panatilihing gising. Itulot Mong matunghayan Kita.*

***San Santiago Thompson, ipanalangin mo kami.***

**29**
LUNES
**NOBYEMBRE**

Isaias 4:2-6
Salmo 122:1-2, 3-4b, 4cd-5, 6-7, 8-9
**Mateo 8:5-11**

*"Pupuntahan Ko siya at pagagalingin." – Mateo 8:7*

# TAGAPAGPAGALING

Labintatlong taong gulang siya noon. Sa tulong ng MRI ay may nakitang mga pira-pirasong buto ng kanyang balikat na nakakalat sa bahaging iyon ng katawan niya.

Ang ama niya, na may malalim na pananampalataya, ay nagdasal para sa kagalingan niya, maging sa pamamagitan ng operasyon o ng isang himalang di-maipaliliwanag.

Sa araw ng operasyon, isang linggo lamang mula nang masuri ang kalagayan niya, lumabas ng *pre-op room* ang doktor para sabihin sa ama niya na hindi na siya kailangang operahan.

Sumigaw ang ama. Nagwala ito. "Sinabi mong aayusin mo ang balikat ng anak ko!"

"Maayos na po," sabi ng doktor. "Hindi ko alam kung paano, pero maayos na. Wala na ang maliliit na piraso ng buto. OK na ang balikat niya."

Ang Diyos ay nakapagpapagaling. Minsan ito'y sa pamamagitan ng simpleng panalangin, kadalasan sa isang operasyon o sa tulong ng medisina, at kung minsan sa kataka-takang paraan tulad nito.

Pero ang tinutumbok nito, nagpapagaling Siya.

Gaya ng sinabi Niyang gagawin Niya. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Magbalik-tanaw sa panahong gumaling ka sa isang karamdaman. Naniniwala ka bang ang Diyos ang nagpagaling sa iyo sa pamamagitan ng mga pamamaraang ginamit mo?

*Panginoon, halina't pagalingin Mo ako gamit ang Iyong paghipo.*

***San Sadwen, ipanalangin mo kami.***

30
MARTES
NOBYEMBRE

**Mga Taga-Roma 10:9-18**
Salmo 19:8, 9, 10, 11
Mateo 4:18-22

*Kapistahan ni San Andres, Apostol*

*Paano naman sila makakapakinig kung walang mangangaral sa kanila? "O kay gandang pagmasdan ang pagdating ng mga may dalang Magandang Balita!" – Mga Taga-Roma 10:14-15*

# IPAGKALAT MO

Labis akong nagpapasalamat sa mga Kerygma Preacher. Bawat isa sa kanila'y may natatanging istilo. Si Alvin ay umaawit kasabay ng kanyang gitara. Si Obet ay gumagamit ng mga *acronym*. Si Adrian ay sumasayaw at kumakanta. Si Arun ay nagpapatawa. Si Jon ay nagbabahagi tungkol sa pamilya niya. Si Mike ay nagkukuwento tungkol sa mahabang panahong karanasan niya sa Renewal. Si Rissa ay nagbabahagi tungkol sa anak niya. Si Bo ay gumagamit ng mga *metaphor* at *analogy*.

Lahat sila'y may magagandang kuwento at bukas-loob nilang ibinabahagi ang mga ito. At ito, para sa akin, ang susi. Naniniwala akong hindi tayo kailangang maging magaling na manghahayag para ibahagi ang pag-ibig ng Diyos. Hindi natin kailangang magsalita sa entablado sa harap ng libong mga tao. Dahil nabibiyayaan ako sa pakikinig sa kanila sa aming *caring group* kung saan nagkukuwentuhan kami tungkol sa mga karaniwang karanasan.

Maaari ka ngang magbahagi ng ano man sa taong katabi mo sa upuan, o magsulat ng blog, o mag*text* sa kaibigan mo. Ito ma'y maging tungkol sa nangyari sa araw mo o sa isang kaganapang nakapagbabago ng buhay; ang mahalaga ay ang pagbabahagi. At sa pagbabahagi, nagpapatotoo na rin tayo — dahil lahat ng mabubuting bagay ay galing sa Diyos. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Kailan ka huling nagbahagi tungkol sa mga biyayang natanggap mo? Huwag mong palalagpasin ang pagkakataon.

*Panginoon, pahintulutan Mong ibahagi ng aking bibig ang tungkol sa mga pagpapala Mo.*

***San Zosimo, ipanalangin mo kami.***

# 1
MIYERKULES
DISYEMBRE

Isaias 25:6-10a
Salmo 23:1-3a, 3b-4, 5, 6
**Mateo 15:29-37**

*"Ilan pang tinapay ang nariyan?" tanong ni Jesus sa kanila. – Mateo 15:34*

## KUNG PAANO NAGING MILYONES ANG P20

Noong 1979, nag-aalmusal si Rey Ortega kasabay ang apat niyang kaibigan. Habang binabasa niya ang pahayagan, napansin niya ang isang artikulo tungkol sa 200,000 na batang palaboy sa Metro Manila. Hindi siya makapaniwala sa dami nila. Ikinuwento niya ito sa apat niyang kaibigan. "*Look*, mayroon akong sobrang 20 pesos dito. Hindi natin matutulungan ang 200,000 na batang palaboy, pero kung mag-aambag tayo, mapag-aaral uli natin ang kahit isa lang sa kanila."

Kaya't nagtungo sila sa Tipas Elementary School sa Taguig, Rizal. Tinanong nila ang punong-guro kung may mag-aaral sila na hindi na makapag-aaral sa *high school* dahil sa kahirapan.

Sagot ng punong-guro, "Ang buong pangalan niya ay Rodora Lopez." Kaya't pinag-aral nina Rey ang bata.

Sa sumunod na taon, nagpaaral sila ng isa pa. Sa ngayon, nakapagpaaral na sila ng halos 100 bata. Ang iba ay nakapagtapos bilang *cum laude* at napabilang sa *top 10* sa board exams. Ngayon, pinamumunuan ni Rey Ortega ang *Scholarship Ministry* namin na tumutulong sa mga batang mahihirap na makapag-aral sa *high school* at kolehiyo.

Kung sa tingin mo halos wala nang halaga ang P20 ngayon, ilagay mo ito sa kamay ng Diyos at palalakihin Niya ito para sa paborito Niyang mga anak — ang mga *anawim*. *Bo Sanchez (bosanchez@kerygmafamily.com)*

Paninilay: Ano ang mayroon ako na maaari kong magamit para sa gawain para sa Panginoon?

*Panginoon, mayroon akong ________ (magbanggit ng yaman, talino, oras, o kahit ano). Gamitin Mo ito para sa layunin Mo.*

***Sta. Natalia, ipanalangin mo kami.***

**2**

HUWEBES

**DISYEMBRE**

Isaias 26:1-6
Salmo 118:1, 8-9, 19-21, 25-27a
**Mateo 7:21, 24-27**

*"Kaya't ang bawat nakikinig at nagsasagawa ng mga salita kong ito ay maitutulad sa isang taong matalino na nagtayo ng kanyang bahay na ang pundasyon ay bato."*
*– Mateo 7: 24-25*

## NAKATAYO PA RIN

"Ikinalulungkot namin pero hindi na siya tatagal nang isang taon," sabi ng mga doktor. Siya ang unang anak at apo. Pinangalanan siyang Uno. Sa edad na anim, may nadiskubreng tumor sa utak niya. Pero malakas ang pananampalataya ng pamilya niya. Kumapit sila sa Salita ng Diyos na siyang Banal na Tagapagpagaling.

Humingi sila ng ibang opinyon sa ibang bansa at may nahanap silang mga doktor na handang mag-opera kay Uno. Habang naghihintay sila ng mga resulta, sinabi ni Uno sa mga magulang niya na nangusap sa kanya ang Diyos sa pamamagitan ng isang talata sa Biblia: "Huwag kang matatakot."

Nabuhay si Uno. Ngayon, 17 taong gulang na siya. Masigla, napakatalino at likas na magaling.

Noong lumalaki siya, siya ang pinakamagaling sa klase. Kabisado niya ang mga talata sa Biblia. Ikinuwento niya sa maraming tao ang paggaling niya sa sakit.

Maraming pagsubok pa ang hinarap ng pamilya niya. Pero dahil sa nanatili silang mapanamplataya, nalagpasan nila ang mga ito. Naitawid sila ng Diyos sa pinakamatinding problemang iyon, at tiwala silang itatawid silang muli ng Diyos — kahit anong mangyari.

Nakararanas ka ba ng malalakas na hangin? Maging matatag ka sa Kanyang Salita. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Paninilay: Saan ba ako iniadya ng Diyos sa nakaraan? Naniniwala ba akong gagawin Niya uli ito?

*Panginoon, tulungan Mo akong magtiwala sa tapat Mong mga pangako.*

***San Ponciano, ipanalangin mo kami.***

**3**

BIYERNES

**DISYEMBRE**

Isaias 29:17-24
Salmo 27:1, 4, 13-14
**Mateo 9:27-31**

*Hinipo niya ang kanilang mga mata at sinabi, "Mangyari ito sa inyo ayon sa inyong pananampalataya."*
*– Mateo 9:29*

# ANG PAGMAMAHAL NG ISANG INA

Umalis si Jonathan matapos niyang sunugin ang bahay nila. Bago ito, hinalughog niya ang kuwarto ng mga magulang niya para nakawin ang pera ng ama niya at ang mga alahas ng kanyang ina.

Nag-iisang anak siya at mahal na mahal siya ng mga magulang niya. Pero nang natuto siyang mag-shabu, kokaina at marijuana, sinaktan niya sila nang maraming beses, pati ang ibang mga tao.

Isang araw, nakatanggap ang ina niya ng tawag mula sa ospital. Natagpuan si Jonathan sa isang eskinita, nakahiga sa lupa, duguan at halos hindi na humihinga. Sumugod sa ospital ang ina. Niyakap nito si Jonathan, at humingi ng senyal na buhay pa siya. Umiiyak ang ina habang tangan ang anak, binubulungan si Jonathan na pinatatawad na niya at mahal na mahal niya ito.

At dahil naniwala siya na ang pagmamahal ng ina ang muling magbibigay-buhay sa anak, iminulat ni Jonathan ang mga mata niya, tiningnan ang ina at pinisil ang kamay nito nang mahigpit. Unti-unting gumaling si Jonathan. Ilang buwan pa ang nagdaan para tuluyang gumaling si Jonathan sa pagkakalulong sa droga. Napanibago ang buhay niya dahil sa pagmamahal ng kanyang ina.

Napagaling ni Jesus ang mga bulag dahil minahal Niya sila at sila'y naniwala. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Paninilay: Napagagaling ng pag-ibig ng Diyos ang mga hinanakit natin.

*Panginoon, turuan Mo akong maniwala lagi na dahil sa pag-ibig Mo, matatamo ko ang solusyon sa mga problema ko. Pawiin Mo ang mga pag-aalinlangan ko at palitan Mo ito ng pag-asa sa pag-ibig Mo para sa akin.*

***San Eloquio, ipanalangin mo kami.***

**4**

SABADO

**DISYEMBRE**

Isaias 30:19-21, 23-26
Salmo 147:1-2, 3-4, 5-6
**Mateo 9:35-10:1, 5a, 6-8**

*At si Judas Iscariote na nagkanulo kay Jesus.*
*– Mateo10:4b*

# MANGANGALAKAL NG KALULUWA

Sa mga nagdaang siglo, isang katanungan ang palaging tinatanong: Bakit pinili ni Jesus si Judas na maging isa sa mga tagasunod Niya? Naisip kaya Niya na maaari itong gabayan? Bakit hindi Niya isinama si Judas noong gabing dinakip Siya? Ang *clue* sa kasagutan: Bakit Niya ako pinili?

Dahil si Jesus ay isang Mangangalakal ng Kaluluwa. Naniniwala Siya sa kalakal ng pang-aakit ng kaluluwa ko habang sa tingin ng iba'y walang kuwenta at talo ang proposisyong ito. Tinitingnan Niya ang mga kalamangan at nakikita Niya ang malalaking balik sa Kanya nito (kaya lagi Siyang may nakahandang salu-salo para sa isang nagsisisi). Palagi Siyang nakikipagsapalaran. Naniniwala Siya sa akin, kaya namumuhunan Siya sa akin, kahit isugal pa Niya ang lahat (kahit nga ang buhay Niya).

Pero nalugi Siya kay Judas, 'di ba? Kung alam mo ang napakalaking kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos, magsususpetsa ka na baka dahil dito'y humingi pa ng tawad si Judas bago siya nalagutan ng hininga. Hindi ako magugulat kung sa pagdating natin sa langit ay may makikita tayong mga larawan sa *bulletin board* doon na nagpapakita ng masaya nilang pagsalubong kay Judas. Naniniwala si Jesus na sasalubungin din ako nang ganoon. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Paninilay: Naniniwala ka bang ikaw ay isang mahalagang negosyo para sa Diyos? Totoo 'yan.

*Tulungan Mo akong makita ang kahalagahan ko sa Iyo, gaya ng paniniwala Mo sa akin, Panginoon.*

***San Osmundo, ipanalangin mo kami.***

**5**

LINGGO

**DISYEMBRE**

Isaias 11:1-10
Salmo 72:1-2, 7-8, 12-13, 17
Mga Taga-Roma 15:4-9
**Mateo 3:1-12**

*Patunayan muna ninyo sa inyong mga buhay na kayo'y talagang nagsisisi na. – Mateo 3:8*

# BUNGA O PAKITANG-TAO?

Ang bagong dating ay tila napatulala sa narinig niyang makapangyarihang talumpati ng ebanghelista. Pinagninilayan niya ang mensahe ng Diyos para sa kanya, ngunit naputol ito nang kinausap siya ng ebanghelista, "*Hello*, bago ka ba rito?"

"Oo! Salamat sa nakaaantig na ibinahagi ninyo. Nangusap talaga ang Diyos sa akin sa pamamagitan ninyo," sagot niya.

"Siyempre! Matagal na akong nangangaral sa buong mundo at sanay na akong marinig iyan! Palaging napapaiyak ang mga nakikinig! Gumagaling sila! Napag-aadya ang mga sinapian! Nagbabago ang buhay nila dahil sa akin!" sabi ng ebanghelista.

Pagkatapos nagtanong siya, "Eh ikaw? Kaya mo bang mangaral tungkol sa Salita ng Diyos? Mamuno sa papuri? Magsapropeta? Magpalayas ng demonyo? Gumawa ng mga milagro? O magdasal sa iba't ibang wika?"

Sumagot ang bagong dating, "Hindi. Hindi ko kaya ang ginagawa mo," sagot niya. "Ang alam ko lang ay dati akong adik, babaero, nambubugbog ng asawa. Ngayon nagbago na ako. Sa kagandahang loob ng Diyos, mahal ko na ang Diyos at ang pamilya ko."

Tayo kaya? Ang mga mabubuting bagay ba sa atin ay pakitang-tao lamang o tunay na bunga ng pagbabago?

Magbago ka na! *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: "Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig." (Mga Taga-Galacia 5:22)

*Baguhin Mo ang puso ko, O Diyos, at gawin itong wagas. Baguhin Mo ang puso, O Diyos. Nawa ako'y maging tulad Mo!*

***San Nicolas Tavigli, ipanalangin mo kami.***

**6**
LUNES
**DISYEMBRE**

**Isaias 35:1-10**
Salmo 85:9ab, 10, 11-12, 13-14
Lucas 5:17-26

*Mula sa kaparangan ay aagos ang tubig, at dadaloy sa disyerto ang mga batis. – Isaias 35:6*

# BURGER! BURGER!

Nakakainis kapag wala kang perang pambili. Makadurog-puso kapag wala kang perang pambili ng mga nais ng mga anak mo. Lalo na kapag ang bagay na iyon ay pagkain.

May kuwento si Sister Myrna tungkol kay Brother Nomer, isang dating miyembro ng Light of Jesus Community sa Las Piñas. Marami siyang pinagdaanang hirap pero nanatili ang pananampalataya niya't magandang disposisyon.

Minsan, nang nasa *mall* sila, gusto ng mga anak niya na kumain ng burger. Kaso lang, humindi siya sa kanila dahil hindi sapat ang dala niyang pera. Pero gutom na sila kaya't dinala niya pa rin sila sa isang burger *outlet* para bumili ng *fries*.

Binati sila ng manedyer pagpasok nila. "*Congratulations!*" sabi nito, "Nanalo kayo sa pagiging ika-isang daang kostomer." Anibersaryo pala ng restawran at namimigay sila ng libreng pagkain. Nabiyayaan ang mga bata ng burger.

Hindi ko na nakilala si Bro. Nomer dahil nanirahan na sila sa Amerika noong sumali ako sa LOJ. Sa panahon ng paghihirap, hinango na sila ng Diyos sa pinansyal na disyerto at dinala sila sa McDonald's para mag-almusal, sa In-N-Out para mananghalian, at sa Wendy's para maghapunan. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Paninilay: "Ang kapasidad natin sa mga bagay ukol sa pananampalataya ay nasusukat ng mga pangako ng Diyos." (Oswald Chambers)

*Panginoon, bigyan Mo po kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw.*

***Sta. Asella, ipanalangin mo kami.***

# 7

MARTES
**DISYEMBRE**

**Isaias 40:1-11**
Salmo 96:1-2, 3, 10ac, 11-12, 13
Mateo 18:12-14

*"Aliwin ninyo ang aking bayan," sabi ng Diyos. "Aliwin ninyo sila!" – Isaias 40:1*

## MAKIRAMAY SA MGA UMIIYAK

Bumisita ako sa burol ng anak na babae ng isang miyembro ng komunidad. Naupo ako sa tabi ng umiiyak na ina na hindi maintindihan kung bakit kailangang mauna sa kanya ang anak. Karamihan ng tao roon ay nagsasabi ng nakagiginhawang mga salita tulad ng, "May dahilan ang Diyos," "Masaya siya sa langit," at "Huwag kang umiyak."

Napaisip ako: Kapag malungkot ako't nasisiraan ng loob, paano kaya ako inaasikaso ng Diyos? Ang sagot? Niyayakap Niya ako. Minamahal Niya ako. Pinagiginhawa Niya ang pakiramdam ko.

Sa sandaling iyon na nagdadalamhati ang ina, hindi ko alam kung guminhawa ang kalooban niya at kung pipiliin niyang magsaya. Masasabihan mo ba ang nagdadalamhati na huwag nang malungkot? O maghihintay na lang tayong maghilom ang sugat sa puso nila?

Naniniwala akong umiiyak ang Diyos kapag umiiyak tayo. Kapag nakasubsob tayo sa sahig at umiiyak, lumuluhod Siya at inaakbayan tayo. Hindi Niya sinasabing huwag na tayong magdamdam. Darating ang panahong iyon. Sa halip, pinaaalam Niya sa atin na naririyan lang Siya at naiintindihan Niya ang pagdadalamhati natin. At nananatili Siya sa atin... hanggang sa guminhawa ang ating pakiramdam. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Paninilay: Kapag umiiyak tayo, ano ba ang nais nating marinig sa isang taong nakikiramay sa atin? Di ba't ganoon din dapat tayo sa iba?

*Panginoon, turuan Mo akong makiisa sa pagdadalamhati ng iba tulad ng pakikiisa Mo sa pagdadalamhati namin.*

***San Maria Giuseppe Rossello, ipanalangin mo kami.***

**8**
MIYERKULES
**DISYEMBRE**

Genesis 3:9-15, 20
Salmo 98:1, 2-3ab, 3cd-4
Mga Taga-Efeso 1:3-6, 11-12
**Lucas 1:26-38**

*Solemnidad ng Kalinis-linisang Paglilihi Kay Maria*

*Sapagkat walang anumang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos. – Lucas 1:37*

# ANG SIMULA NG DAKILANG PANANAMPALATAYA

Gustung-gusto ko talaga siyang maging *prom date*.

Kasamahan ko siya sa komunidad namin. Nagsabi ako sa kanya sa isang *prayer meeting* at sinabi niyang hihingi muna siya ng permiso sa daddy niya. Istrikto raw talaga ito.

Habang hinihintay ko ang susunod na *prayer meeting*, ang tindi ng pagdarasal ko.

Nabasa ko ang talata nating ito: "Walang imposible sa Diyos."

Minarkahan ko ito at nagtiwala ako sa Panginoon. (Oo, sa isang kinse años, napakalaking bagay nito.)

Noong sumunod na linggo, ibinalita niya sa akin na pumayag ang daddy niya.

Napakasaya ko.

Siguro sa tingin mo mababaw ito pero noon ako nagsimulang magtiwala sa Diyos ukol sa mga "imposibleng" situwasyon.

Sinabi sa akin minsan ng isang kilalang direktor, "Kapag nagdarasal ka, hingin mo sa Diyos ang imposible — dahil iyon ang pinakadakilang magagawa Niya para sa iyo. Ang mga posibleng bagay, iniiwan na Niya sa atin." *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Nililimitahan ko ba ang mga magagawa ng Diyos para sa akin?

*Panginoon, tulungan Mo akong manalig sa Iyo nang lubusan.*

***San Romarico, ipanalangin mo kami.***

**9**

HUWEBES

**DISYEMBRE**

**Isaias 41:13-20**
Salmo 145:1, 9, 10-11, 12-13ab
Mateo 11:11-15

*Ako si Yahweh na inyong Diyos, ang magpapalakas sa inyo. Ako ang nagsasabi, 'Huwag kayong matakot at tutulungan ko kayo.'" – Isaias 41:13*

# NAPAKAGANDANG KARANASAN

Minsa'y sumali ako sa 12-oras na paligsahang mala-Amazing Race kung saan nilibot namin ang Bohol. Sa isang bahagi nito, kinailangan naming umakyat sa mataas na tulay sa Loboc at tumawid ng *zip line* papunta sa kabilang dako. Ang *zip line* ay isang kalo na nakabitin sa kableng pababa ang direksyon. Nang nakita ko kung gaano kalalim ang maaari kong bagsakan, nanghina ako't di nakapagsalita. Nagmakaawa ang mga mata ko para sa kaunting panahon pa habang matamlay kong sinabi, "Sandali..."

Sa wakas, nagkaroon ako ng sapat na tapang para pumayag at bumitiw. Hinatak ako pababa ng grabitasyon at nakatawid ako nang maayos sa kabilang dako. Buhay na buhay ang pakiramdam ko na ninais kong ulitin iyon.

May mga nakakatakot at nakasasakit na bagay sa buhay: mga nakawawalang gana at nagpapaiyak sa atin sa kalaliman ng gabi, mga bagay na tumutulak sa ating mamaluktot na parang sanggol dahil sa sakit, o maglumuhod nang paulit-ulit.

Napakalaking ginhawang marinig ang Salita ng Diyos ngayon, "Huwag kayong matakot at tutulungan Ko kayo." Masasabi pa natin pagkatapos, "Hindi naman pala ganoon kagrabe, Panginoon. Basta't kasama Kita, ang buhay ay isang napakagandang karanasan." *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Sundan natin ang ating Lider sa di pamilyar na landas. Ito ang buhay na walang katulad. Ito ang napakagandang karanasan." (Steven Curtis Chapman)

*Panginoon, hawakan Mo ang kamay ko at huwag Mong pahihintulutang makalimutan ko na lagi Kang nasa piling ko. Hanggang sa katapusan.*

***Sta. Balda, ipanalangin mo kami.***

# 10
BIYERNES
DISYEMBRE

Isaias 48:17-19
Salmo 1:1-2, 3, 4, 6
**Mateo 11:16-19**

*"Tinugtugan namin kayo ng plauta ngunit ayaw ninyong sumayaw! Umawit kami ng awit ng pagluluksa, ngunit ayaw ninyong tumangis!" – Mateo 11:17*

## "WOW"

Ako ang pinakamapangahas sa *fraternity* ko noong kolehiyo. Sinasabi ng mga brod ko, "Gawin mo 'to. Gawin mo 'yon. Tirahin mo 'to. Tirahin mo 'yon," at gagawin ko nga bunga ng bulag na panatisismo. Mali man pero ikinatuwa ko ang pagsang-ayon nila sa akin. Mahilig akong magpasaya ng tao! Adik ako sa pagsang-ayon nila sa akin! Pero pakiramdam ko'y wala akong kuwentang tao.

Tulad ko, maraming sumasayaw sa himig ng mundo. Pero laganap ang kawalan ng kabuluhan at kalungkutan. Nagbago ako nang sinimulan kong pasiyahin ang Diyos. Paano? (Acronym: W-O-W):

*Worship*. Nabuhay si San Juan sa disyerto, nag-ayuno siya, nagdasal, namuhay nang tuwid at ipinahayag ang pagdating ni Jesus bilang papuri sa Kanya kahit sa mata ng mga tao'y sinapian siya ng masamang espiritu.

*Openness*. Nakisama si Jesus sa mga tao at minahal Niya sila kahit ang tingin sa Kanya ng tao ay masiba Siya at kaibigan Siya ng mga makasalanan.

*Wisdom*. Ang isabuhay ang magagandang asal upang patotohanan na "ang karunungan ay pinatutunayang tama ng kanyang mga kilos."

Kaibigan, pasiyahin mo ang Manonood mo. Ang palakpak ng may sugatang kamay ay pinakamahalaga pa rin. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: "Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito... Kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban Niya." (Mga Taga-Roma 12:2)

*Panginoon, sa pagtatapos ng araw, ang "wow" Mo ang tanging hanap ko.*

***Banal na Julia Merida, ipanalangin mo kami.***

**11**
SABADO
**DISYEMBRE**

**Ecclesiastico 48:1-4, 9-11**
Salmo 80:2ac, 3b, 15-16, 18-19
Mateo 17:9a, 10-13

*"Para pagsunduin ang mga magulang at mga anak"*
*– Ecclesiastico 48:10*

# MAGKASAMA MULI

Anim na buwan pa lamang ang nakalipas, subalit parang napakatagal na ng panahon. Ang aming anak na lalaki na si Peevee ay umalis patungong New York upang mag-aral ng Master in Business Management. Ang sakit na dulot ng paghihiwalay namin ay damang-dama ko at lubos na sabik akong makasama siyang muli at mayakap.

Ang aking kalungkutan ay nawala sa sandaling siya ay tumawag sa telepono kinaumagahan dito sa Maynila. Halos lumundag ang puso ko sa sandaling tumunog ang telepono namin. Mabilis pa sa alas-kuwatro ang pagsagot ko at hindi ko makuhang magalit kahit ano pa man ang sabihin niya. Ako ay nagagalak kung alam ko na siya ay masaya at mabigat naman ang aking pakiramdam kung alam ko na siya ay nalulungkot.

Ganoon na lamang ang tindi ng pagmamahal ng magulang sa isang anak. Ano pa kaya ang pagmamahal ng ating Ama sa langit para sa atin? Marahil ay napakalungkot ng ating Panginoon kung tayo ay nahihiwalay sa Kanya dahil sa pagkakasala natin. At marahil din ay napakalaking handaan ang nagaganap sa langit tuwing tayo ay bumabalik sa Kanyang piling sa pamamagitan ng isang masinsinang pagkukumpisal. Napakasarap talaga ang maging malapit sa ating Mahal na Ama at di hamak na ayaw nating mahiwalay sa Kanya magpakailan pa man. *Mari Sison-Garcia (mari_sison_garcia@yahoo.com)*

Pagninilay: Ngayong araw na ito, sikapin nating bumalik sa ating Mahal na Ama na sabik na sabik sa ating pagbabalik.

*Panginoong Diyos, huwag Mo kaming payagang mahiwalay sa Iyo muli. Basbasan Mo po kami ng grasya upang kami ay palaging sumunod sa Iyong utos.*

***Santo Papa Damsus I, ipanalangin mo kami.***

**12**

LINGGO

**DISYEMBRE**

**Isaias 35:1-6a, 10**
Salmo 146:6-7, 8-9, 9-10
Santiago 5:7-10
Mateo 11:2-11

*"Muling sasaya ang ulilang lupain na matagal nang tigang; mamumulaklak ang mga halaman sa disyerto. Ang disyerto ay aawit sa tuwa!" – Isaias 35:1-2*

# PAGSUSULAT PARA KAY JESUS

Uso ngayon ang mga blog. Kinukulit ako ng anak ko na magsulat ng blog at nasabi ko sa sarili ko, bakit hindi? Pero tuwing sisimulan kong magsulat, wala akong maisulat.

At pagkatapos naaalala kong kailangan ko palang magsulat para sa Gabay. Dumating at lumipas na ang deadline ko at huli na naman ako. Pero may isang bagay na maliwanag sa akin. Kapag sinisimulan kong magsulat para sa Gabay, tila dumadaloy agad ang mga salita mula sa utak ko, nag-uunahan sila, at tulad ng bulaklak, bumubuka ang isipan ko, nagpapakita ng kaligayahan at nagsusumigaw sa galak. Dahil sa Gabay, nangungusap ako tungkol sa pag-ibig ng Diyos, sa kagalakan ng pangingibig ko sa Kanya at sa kapayapaan na dumarating sa taong minamahal, lalo na ang mga nangangailangan ng pagmamahal.

Para saan pa ang mga blog? Mas gusto kong magsulat para makita ng iba si Jesus sa akin. *Chelle Crisanto (ellehcmaria@yahoo.com)*

Pagninilay: "Isinusulat namin ito upang malubos ang ating kagalakan." (1 Juan 1:4)

*Alam ko, Panginoon, na hangga't nagpapakabuti ako, at nabubuhay para sa Iyong kaluwalhatian, walang hahadlang sa akin. Ayon sa Iyo, "Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya." Amen.*

***San Corentino, ipanalangin mo kami.***

**13**
LUNES
**DISYEMBRE**

Mga Bilang 24:2-7, 15-17a
Salmo 25:4-5ab, 6, 7bc, 8-9
**Mateo 21:23-27**

*"Kanino nagmula ang karapatan ni Juan upang magbautismo, sa Diyos ba o sa tao?" – Mateo 21:25a*

# QBQ

Nasaksihan nila ang maraming himalang ginawa Niya, pero minaliit nila ang mga ito, o kaya'y itinuring na nagmula kay Satanas. Sa palagay ba natin ay tatanggapin nila ang diretsahang sagot ni Jesus? Kaya nagtanong Siya sa kanila. Ang mga katanungan Niya ay mas malaman kaysa sa mga kasagutan. Ipinahahayag ng mga ito ang hangarin ng puso at hinaharap din nila ang mga tunay na isyu na nakatago sa mukha ng ligalismo at mga maling katuwiran.

Ibinubunyag ng mga katanungan niya ang QBQ (*Question Behind the Question*) ng mga punong pari at mga pinuno ng bayan. Ang QBQ nila ay, "Paano namin pawawalang-sala ang sarili namin, isusulong ang sarili naming pinaniniwalaan, at gagawa ng kasinungalingan para maipit ka?" Hindi nagpaunlak si Jesus. Di Siya pumayag na gamitin nila ang mga sasabihin Niya laban sa Kanya.

Kaibigan, ginagamit mo ba ang Salita ng Diyos para bigyang katuwiran ang makasarili mong mga pakay, para itago ang kapalaluan sa mga ugnayan mo, para puwersahing sumunod ang mga walang labang biktima mo sa trabaho o sa komunidad mo, o manipulahin ang mga damdamin ng mga minamahal mo? May mensahe sa iyo ang "katahimikan ni Jesus" sa katanungan mo. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Sa anong bahagi ng buhay mo nadarama na tinatanong ka ng Diyos na magbubunyag ng QBQ mo? Anong tinatanong Niya sa iyo?

*Ibigay Mo sa akin ang mga katanungan Mo, Panginoon, kapag nahuhulog na ako sa bitag ng pagmamanipula ng Iyong salita para sa sarili kong pakinabang.*

***Sta. Einhildis at Sta. Roswinda, ipanalangin ninyo kami.***

# 14

MARTES

**DISYEMBRE**

Zefanias 3:1-2, 9-13
Salmo 34:2-3, 6-7, 17-18, 19, 23
**Mateo 21:28-32**

*"'Ayoko po,' tugon nito, ngunit nagbago ito ng pasya at nagtrabaho sa ubasan." – Mateo 21:29*

## PAGBALIK SA PINANGGALINGAN

Ano ang pinakamahirap sa pagiging Kristiyano?

Para sa akin, ang umasal bilang Kristiyano. Tulad ng pagpipigil sa pagbigkas ng mga galit na salita kapag may gumalit sa akin, at ng pagtitimpi kung kailan gusto ko nang sumabog.

Paminsan-minsan, nakakalimutan kong Kristiyano ako. Nagmumukmok ako, hindi ko kinakausap ang taong gumalit sa akin, nagmamaktol ako at sinasalungat ko ang gugustuhin ng taong ito na gawin ko.

At pagkatapos ay kinakalabit ako ng Diyos. Ipinakikita Niya sa akin ang Salita Niya mula sa Biblia. Noong una, nakikipagdebate pa ako at nangangatuwiran. Muli, kinakalabit Niya ako sa pamamagitan ng mga pagninilay sa Gabay. O nangungusap Siya sa akin sa katauhan ng pari sa Misa. At pagkatapos ay pabagot kong sinasabi, "OK, Lord, ano ang mapagmahal at Kristiyanong dapat kong gawin?" (Isipin mo ako na nakatiklop ang mga braso at magkadikit ang mga kilay.)

At lumalambot ang puso ko't tinutupad ang kung ano mang dapat kong gawin noong una pa — magpatawad at magmahal. Hindi sa pinalalampas ko ang maling ginawa sa akin, pero iniipit ko sa mga magigiliw na salita ang puntong nais ko iparating. *Lella Santiago (mirellasantiago@yahoo.com)*

Pagninilay: "Hindi tayo naririto upang patunayang sinasagot ng Diyos ang mga dasal; naririto tayo upang maging buhay na sagisag ng kagandahang-loob ng Diyos." (Oswald Chambers)

*Panginoon, pagkalooban Mo ako ng biyayang tumugon bilang Kristiyano, lalo na sa mga panahon ng matinding paghihirap.*

***San Justo at San Abundio, ipanalangin ninyo kami.***

**15**
MIYERKULES
**DISYEMBRE**

Isaias 45:6c-8, 18, 21c-25
Salmo 85:9ab, 10, 11-12, 13-14
**Lucas 7:18b-23**

*Kaya't sinabi niya sa mga sugo ni Juan, "Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong nakita at narinig!" – Lucas 7:22*

# DAPAT MAGPATULOY ANG GAWAIN NG DIYOS!

Matapang na naghayag si San Juan Bautista tungkol kay Jesus. Nang nakakulong na siya at nanganganib ang buhay, pinapunta niya ang mga tagasunod niya kay Jesus para magtanong, "Kayo po ba ang ipinangakong darating, o maghihintay pa kami ng iba?"

Hindi sumagot si Jesus ng, "Juan! Tila pinagdududahan mo ang sarili mong propesiya. Ako nga!" Kundi, sa karunungan Niya, itinuro Niya ang patunay ng gawain ng Diyos sa pamamagitan Niya: "Bumalik kayo kay Juan at sabihin ninyo sa kanya ang inyong nakita at narinig; nakakakita ang mga bulag, nakakalakad ang mga pilay, gumagaling at lumilinis ang mga ketongin, nakakarinig ang mga bingi, muling nabubuhay ang mga patay, at ipinapangaral sa mga mahihirap ang Magandang Balita." (Lucas 7:22).

Natanto ko ang dalawang mahahalagang bagay:

• **Pagkatao ng Tao**. Gaya ni Juan, kapag nag-aalab ako sa Espiritu Santo, marubdob kong inihahayag kung sino si Jesus, sa mga sandaling nag-aalinlangan ako sa pagkilos ng Diyos sa buhay ko.

• **Kagandahang-Loob ng Diyos**. Ipagpapatuloy ng Diyos ang paggawa ng himala, naririyan man ako o wala. Kung ganoon, dapat naroroon ako kung saan kumikilos ang Diyos!

Ang konklusiyon ko: Yakapin ang pagkatao mo at mabuhay sa kagandahang-loob ng Diyos. Walang makapipigil sa Kanya. Dapat magpatuloy ang gawain Niya! *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: "Mahal ka ng Diyos maging sino ka pa; pero hindi Niya nais na manatili kang ganyan; nais Niyang maging tulad ka ni Jesus!" (Max Lucado)

*Panginoon, niyayakap ko ang pagiging makasalanan ko't kabanalan. Salamat at pinatawad Mo ang una, at pinahiran ng langis ang pangalawa.*

***Sta. Nina, ipanalangin mo kami.***

16

HUWEBES

DISYEMBRE

Isaias 56:1-3, 6-8
(or Isaias 54:1-10)
**Salmo 67:2-3, 5, 7-8 (o Salmo 30:2, 4, 5-6, 11-12a, 13b)**
Juan 5:33-36 (or Lucas 7:24-30 )

*"Sa buong magdamag, luha ma'y pumatak, pagsapit ng umaga, kapalit ay galak..." – Salmo 30:5*

# PANANDALIAN LAMANG

Sabay-sabay kaming tatlong gumulong sa sahig sa katatawa.

Ako at ang dalawang kapatid kong babae ay nakamalas ng isang pangyayaring labis na katawa-tawa (hindi ko na talaga maalala kung ano iyon) at inabot nang sampung minuto ang tawanan namin. Alam mo yung pakiramdam na hindi ka makatigil sa pagtawa? Ganoon kami. Halos walang tigil. Walong taong gulang ako noon.

Sumugod sa kuwarto namin ang lola ko dahil napakaingay namin. May isinigaw siya na hindi ko makakalimutan kahit kailan: "Tawa kayo nang tawa ngayon, mamaya iiyak kayo!"

At totoo nga, kinahapunan noong araw na iyon, may ginawa kaming kapilyuhan, napalo kami at namaga ang mga mata namin sa kaiiyak.

Pero may katotohanan sa positibong aspeto nito: Maaaring umiiyak tayo ngayon, pero kinalaunan ay tatawa rin tayo. Sa pag-ikot ng buhay, palaging mayroong hinagpis, kamatayan, at kasunod nito'y muling pagkabuhay. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Mayroon ka bang iniiyakan ngayon? Naririyan lang ang tawanan sa tabi-tabi.

*Panginoon, Ikaw ang aking kaligayahan at lakas.*

***Banal na Reinaldo de Bar, ipanalangin mo kami.***

**17**

BIYERNES
**DISYEMBRE**

Genesis 49:2, 8-10
Salmo 72:1-2, 3-4ab, 7-8, 17
**Mateo 1:1-17**

*Samakatuwid, may labing-apat na salinlahi... mula sa pagkabihag sa Babilonia hanggang kay Kristo. – Mateo 1:17*

# MAY PAG-ASA PA

Nakaupo ako sa tabi ng lawa nang nakita ko ang isang mama na naglalakad patungo sa pampang. Nang umabot siya sa tubig, may kinuha siyang mga isda mula sa isang plastic bag at kinaliskisan niya ang mga ito. Nilinis niya ang mga isda sa tubig, hiniwa at ibinalik sa bag. Ang isda, matapos maluto, ay bubusugin siya't magdudulot sa kanya ng sustansya.

Tulad ng patay na isda, ang pinagnunuan ni Jesus ay puno ng mga patay na kaluluwa dahil sa kanilang mga kasalanan. Karamihan sa kanila ay sumuway sa Diyos. Pero sa kabila nito, nagmula si Jesus sa lahi nila. Ang pag-asa ng kaligtasan ay nagmula sa kanila.

Makasalanan din ako. Namamatay rin ang kaluluwa ko dahil sa kasalanan. Pero dahil sa aking pagsisisi at sa mahabaging pag-ibig ng Diyos, muli Niya akong dinadalisay at binibigyan ng bagong pag-asa at kaligtasan. Binabago Niya ang damdamin ko.

Sa espirituwal kong kamatayan, tinuturuan Niya ako ng mga aral para mas lumawak ang karunungan ko at mapalapit ako sa Kanya. Tulad ng patay na isda, may pag-asa pa ako. Sa kabila ng mga kasalanan ko, nakapagbibigay pa ako ng kasiyahan at nagiging kasangkapan pa rin ako para pagyamanin ang pananampalataya ng iba basta't na kay Jesus ang pag-asa ko. *Ma. Luisa dela Cruz (ma_luisa2004@yahoo.com)*

Pagninilay: Sa kabila ng mga kahinaan ko, binibigyan ako ni Jesus ng pag-asa.

*O Diyos, narito ako, gamitin Mo akong kasangkapan upang maihatid ko ang Iyong pag-asa sa aking kapwa.*

***San Juan ni Martha, ipanalangin mo kami.***

18

SABADO

DISYEMBRE

Jeremias 23:5-8
Salmo 72:1-2, 12-13, 18-19
**Mateo 1:18-25**

*Maglilihi ang isang birhen at magsisilang ng isang sanggol na lalaki, at tatawagin itong Emmanuel!" (Ang kahulugan nito'y "Kasama natin ang Diyos.") – Mateo 1:23*

# E.T.

Si Robert Jastrow, direktor ng Mount Wilson Institute, at ang mga kasamahan niyang siyentipiko ay iniukol ang buhay nila sa pakikipag-ugnay sa mga *extraterrestrial being* na wari'y "superiyor sa atin... hindi lang sa teknolohiya, kundi maaaring pati sa espirituwalidad at moralidad." Matapos silang gumasta ng milyun-milyong dolyar para sa isang proyektong tatagal nang 40 taon, patuloy pa rin ang paghahanap sa isang sibilisasyon ng mga *alien* na bilyones na ang tanda, na makapagsasabi sa atin kung bakit tayo naririto sa mundo at kung paano natin mapagtatagumpayan ang mapanira nating ugali. Ang takot na baka tayo rin ang sisira sa sarili natin, pati ang likas na pagnanais na matunton ang kahulugan ng buhay, ay maaaring naging diwa para sa maraming sikat na libro at pelikula tungkol sa mga E.T.

Sa libro niyang *Show Me God,* isinulat ni Fred Heeren ang interes niya sa mga *alien*: "Nais ng mga tao ng mas matalinong makakasama, ngunit di masyadong mataas sa kanila... Naghahanap sila ng tagapamagitan... na makaiintindi pa rin sa atin bilang isang kapwa nilikha." Ngayon alam ko na kung bakit pinili ng Diyos ang pangalang Immanuel.

Ang paghahanap natin ng kabuluhan at mga kasagutan sa mga maling lugar ay nagtatapos sa ngalan Niya. Sana hindi ko ito makaligtaan sa susunod. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: May kakilala ka bang naghahanap ng kabuluhan at kasagutan para sa buhay nila? Ihatid mo sila kay Emmanuel.

*Immanuel, dumating Ka sa buhay ko ngayong kapaskuhan sa paraang hindi pa Kita nakikilala't nararanasan.*

***San Moises, ipanalangin mo kami.***

**19**

SUNDAY

**DISYEMBRE**

Isaias 7:10-14
Salmo 24:1-2, 3-4, 5-6 (7c, 10b)
Mga Taga-Roma 1:1-7
**Mateo 1:18-24**

*Ngunit bago sila makasal, nalaman ni Maria na siya'y nagdadalang-tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. – Mateo 1:18*

# PINAGPALANG PAGGAMBALA

Tumatakbo ka ba na may tulin na 120 kilometro kada oras sa pagmamadaling tapusin ang pamimili ng pangregalo sa Pasko, ng ihahanda para sa *Noche Buena*, at may panahon ka pang dumalo sa lahat ng salu-salo kung saan ka inimbita?

Sabihin na nating kung nasa ganitong sitwasyon ka, iniisip mo siguro, "Umalis kayo sa daan ko! Umalis kayo sa daan ko! Nagmamadali ako!"

Sa Ebanghelyo ngayon, mayroon ding umaasa sa abala at nakatutuwang panahon — ang kasalan! Si Maria iyon. Pero ano itong balitang narinig niya? Isang bawal na pagbubuntis dulot ng isang lalaki na hindi si Jose? Kung ako siguro siya hindi ako makakatulog sa gabi.

Ipinapaalala sa atin ngayon ng kalagayan ni Maria na hindi lahat ng abala, paggambala at di-inaasahang kaganapan ay masama. Ang totoo, maaaring ang mga ito ay ginawa ng Diyos para sa ating walang-hanggang kaluwalhatian. Isang pinagpalang paggambala, ika nga.

Kaya kapag dumarating ang paghihirap at gusto mo nang magmaktol at makipag-away, itawa mo na lang ang mga abala at tularan ang tugon ni Maria. Hindi mo malalaman kung anong magandang sorpresa ang naghihintay sa iyo sa hinaharap. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Ang Pasko sa puso ang nagpapadama sa atin na Pasko na." (W.T. Ellis)

*Mahal kong Jesus, dumating ka sa di-inaasahang sandali sa buhay ni Maria. Tulad Niya, nais kong maging bukas ang kalooban ko sa pagdating Mo sa gitna ng mga kaganapan sa buhay ko.*

***San Bernardo Valeara, ipanalangin mo kami.***

**20**
LUNES
**DISYEMBRE**

**Isaias 7:10-14**
Salmo 24:1-2, 3-4ab, 5-6
Lucas 1:26-38

*Maglilihi ang isang dalaga at magsisilang ng isang sanggol na lalaki at tatawagin sa pangalang Emmanuel. – Isaias 7:14*

# ANG KALOOB NG SARILI

Minsan may isang matalinong hari na, sa labis na pagmamalasakit sa bayan niya, ay ninais niyang malaman kung ano ang kalagayan ng buhay nila. Nagbalatkayo siyang pulubi at gabi-gabi ay naupo siya sa tabi ng isang pobreng mamang nakatira sa ilalim ng tulay. Doon nagsasalo sila sa gabi ng pagkaing hinalukay nila sa isang kalapit na tambakan ng basura.

Di nagtagal, umasa na ang pobre na gabi-gabi'y makakasalo niya ang estranghero. Isang gabi, nagpasya ang hari na ipagtapat na kung sino siya. Suot ang buong sagisag ng pagkahari niya, binisita niya ang pobre kasama ang kanyang mga piling kasamahan.

"Ano po ang maipaglilingkod ko sa inyo?" tanong ng mabuting hari sa pobre. Inasahan niyang sasagot ang pobre ng kayamanan o disenteng tirahan o isang kagalang-galang na posisyon sa korte ng hari. Sa halip, sinabi ng pobre, "Biniyayaan ninyo ang iba ng inyong kayamanan, ngunit sa aki'y ibinigay ninyo ang inyong sarili."

Ito ang kuwento ng buhay natin. Si Jesus ay Emmanuel, na nangangahulugang "kasama natin ang Diyos." Maaaring bigyan tayo ng yaman ng mga namumuno sa mundo ngunit ang Diyos lamang ang nag-alay ng sarili Niya sa atin. Iniwan Niya ang pagkahari Niya sa langit at naging tao para makiisa sa atin. Wala nang regalo ang hihigit pa roon. *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

Pagninilay: Paano natin maibibigay sa iba ang kaloob ng ating sarili ngayong Pasko?

*Panginoon, salamat sa pinakamagandang regalo na maaari kong matanggap kailanman — Ikaw!*

***San Julio, ipanalangin mo kami.***

# 21

MARTES

**DISYEMBRE**

Ang Awit ng mga Awit 2:8-14 (or Zefanias 3:14-18a)
Salmo 33:2-3, 11-12, 20-21
**Lucas 1:39-45**

*"Pinagpala ka sa mga babae, at pinagpala rin ang dinadala mo sa iyong sinapupunan!" ˜– Lucas 1:42*

## PINAGPALA KAYONG MGA NANINIWALA

Nadarama ko na ang saya sa kapaligiran. Tumitimo sa puso ko ang mga awitin para sa panahong ito. Ang madilim na umaga ay binibigyang liwanag ng mga ilaw ng parol habang dumadalo ako sa *Misa de Gallo*. Tinutukso ng paborito kong puto *bumbong* at *bibingka* ang panlasa ko. Panahon ng kasiyahan, ng paggunita sa pinagpalang Inang Maria — na dahil sa kanyang mapanampalatayang oo ay naipanganak ang dahilan kung bakit may Pasko. Tinanggap niya ang mensahe ng anghel at naging ina siya ng Diyos.

Ang bulag na pananampalataya ni Abraham ay nagdulot din ng pagpapala. Sa pag-oo niya bilang Abram ng Mesopotamia, na kilala natin bilang Iraq, hanggang sa ipinangakong lupa, ang Canaan, siya ay naging Ama ng maraming bayan. Naniwala siya sa pangako ng Diyos na magkakaroon siya ng anak sa katandaan nila ng asawa niya.

Pinagpala ako na nabisita ko ang lugar ng kapanganakan ni Abraham sa Ur, 100 kilometro mula sa Basrah, na nasa timog ng Iraq, nang nadestino ako roon bilang Charge d'affaires sa Embahada ng Pilipinas sa Baghdad mula 2001 hanggang 2003. Bago ko narating ang lugar na iyon noong 2002, naniwala akong mabibisita ko iyon sa kabila ng panganib.

Isa iyon sa maraming biyayang natanggap ko dahil sa paniniwala.

*Grace Princesa (grprincesa@yahoo.com)*

Pagninilay: "Hindi pa nakikita ng mata, o naririnig ng tainga, ni hindi pa sumasagi sa isip ng tao ang mga inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya." (1 Mga Taga-Corinto 2:9)

*Amang Diyos, tulungan Mo ako lagi na maniwala at, dahil diyan, maging tunay na mayaman at pinagpala.*

***Banal na Andres Dung Lac, ipanalangin mo kami.***

**22**
MIYERKULES
**DISYEMBRE**

**1 Samuel 1:24-28**
1 Samuel 2:1, 4-5, 6-7, 8abcd
Lucas 1:46-56

*"Hiniling ko sa Kanya na ako'y pagkalooban ng anak at binigyan nga Niya ako." - 1 Samuel 1:27*

# HIMALA

Anim na taon na silang sumubok na magkaanak. Dalawang doktor na ang nagsabi na hindi nila kayang magkaanak.

Pagod na sa mga pamamaraan at sa kabiguan, nagpasya sila isang araw na tumigil na sa pagsisikap na lutasin ito sa medikal na paraan at magtiwala na lang sa Panginoon. Kung nais Niyang magkaanak sila, mangyayari ito.

Naalala ng babae ang isang talata sa Biblia na nabasa niya noong bata pa siya. Ibinabahagi niya ito noon sa mga *family encounter weekend* tuwing nagbibigay-patunay sila sa nakapagpapagaling na pag-ibig ng Diyos na nasaksihan ng pamilya niya. Sabi sa talata, "Ang gumagalang sa kanyang ama'y paliligayahin naman ng kanyang mga anak."

Naniwala siya na ito'y isang pangako. Isang propesiya. Hindi lang posibilidad.

Bawat araw nitong nakaraang buwan, sinusundo ng daddy ko ang unang pamangkin ko, si Mireya — ang aming munting himala — at naroroon siya sa amin nang isang buong araw habang ang mga magulang niya, ang kapatid ko at ang mister niya, ay nasa trabaho.

Ipinalangin nilang magkaanak, at ibinigay ng Diyos ang kahilingan nila. *George Tolentino Gabriel (george.svp@gmail.com)*

Pagninilay: Nagtitiwala ba ako sa salita ng Diyos?

*Kahit hindi ko pa sila natatanggap, Panginoon, nagpapasalmat na ako sa mga kasagutan Mo sa mga panalangin ko.*

***San Hungero, ipanalangin mo kami.***

**23**
HUWEBES
**DISYEMBRE**

Malakias 3:1-4, 23-24
Salmo 25:4-5ab, 8-9, 10, 14
**Lucas 1:57-66**

*Sapagkat maliwanag na nasa kanya ang Panginoon.*
*– Lucas 1:66*

# NASA KANYA ANG PANGINOON

Obserbahan mo ang mga tao sa paligid mo.

1. **Bo Sanchez** – Inihahayag niya ang Salita ng Diyos sa *The Feast* tatlong beses tuwing Linggo; itinatag niya ang Anawim Lay Missions para sa mga matatandang tinalikdan ng pamilya; binuo niya ang LOJ Counseling Center; itinatag niya ang Light of Jesus Family at marami pang organisasyon. Namumuhay siya nang simple at isa siyang dakilang asawa't ama. Masasabi nating nasa kanya ang Panginoon.

2. **Papa Benito XVI** – Nagbibigay-inspirasyon at namumuno sa bilyun-bilyong mga tao sa buong mundo. Masasabi nating nasa kanya ang Panginoon.

3. **Fr. Fernando Suarez** – Nagpapagaling ng mga maysakit at nagbibigay ng pag-asa sa mga dukha. Masasabi nating nasa kanya ang Panginoon.

4. **Milagros R. Morelos** – Ang ina ko, isang balo na may walong anak, 37 na apo at 17 na apo sa tuhod; ipinagdarasal niya araw-araw ang bawat miyembro ng pamilyang pinalaki niya nang may Kristiyanong kaugalian. Masasabi kong nasa kanya ang Panginoon.

5. Isunod mo rito ang pangalan mo't ilista ang mga ginagawa mo para sa kapwa mo. Sasabihin ng Panginoon, "Ako ay nasa iyo."

Nasaan man tayo at ano man ang ginagawa natin, hilingin natin na mapasaatin ang Diyos nang mapagpala natin ang mundo. *Hermie Morelos (hrm9224@yahoo.com)*

Pagninilay: Paano mo bibigyang-inspirasyon at pagpapalain ang mundo mo?

*Jesus, pahintulutan Mong mapasaakin Ka sa lahat ng gawain ko ngayon at kailan-man.*

***San Dagoberto II, ipanalangin mo kami.***

24

BIYERNES

DISYEMBRE

2 Samuel 7:1-5, 8b-12, 14a, 16
Salmo 89:2-3, 4-5, 27, 29
**Lucas 1:67-79**

*"Ikaw, anak ko, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasang Diyos; sapagkat mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang daraanan." – Lucas 1:76*

# MAY "DOWN" NGUNIT SIGURADONG PATAAS

Pagod at inaantok, nairita ang isang mama sa isang batang babae na katabi niya sa upuan ng eroplano nang nagtanong ito sa kanya. "Mister, nagsisipilyo ka ba?"

"Oo," sagot ng mama.

"Mabuti 'yan. Ang mga hindi nagsisipilyo, nabubungi."

Noon niya napansin na may *Down Syndrome* ang bata. Maya-maya ay tinanong siya uli nito, "Mister, naninigarilyo ka ba?"

"Hindi," sagot ng mama.

"Mabuti 'yan. Ang mga naninigarilyo, namamatay."

Pagkatapos ng mahabang katahimikan, "Mister, mahal mo ba si Jesus?" At pagsagot niya ng oo, "Mabuti 'yan. Ang mga nagmamahal kay Jesus, napupunta sa langit."

Bagamat naantig ang damdamin niya, umasa siyang hindi na magtatanong ang bata. Biglang sinabi ng bata, "Mister, tanungin mo yung mamang katabi mo kung nagsisipilyo siya."

Mahuhulaan mo na kung ano ang kasunod noon. Pagdating sa katanungan niya tungkol kay Jesus, napaisip ang pangalawang mama. "Pasensya na, hindi ko naiintindihan," sabi nito. Pero nag-usap ang dalawang lalaki tungkol sa buhay na walang hanggan.

Paminsan-minsan, sa di-inaasahang paraan, dumarating ang mga pagkakataon para "ihanda ang daraanan ni Jesus." Kung papayag ka, maghanda ka sa sorpresang darating. *Jon Escoto (faithatworkjon@gmail.com)*

Pagninilay: Nais ng Diyos na ihanda mo ang daraanan Niya. Payag ka ba?

*Panginoon, buksan Mo ang puso ko nang maging sensitibo ako sa pamamaraan Mo ng paggamit sa akin para ihanda ang pagpasok Mo sa buhay ng isang tao.*

***Sta. Tarsilia, ipanalangin mo kami.***

**25**
SABADO
**DISYEMBRE**

Isaias 52:7-10
Salmo 98:1, 2-3, 3-4, 5-6 (3c)
Mga Hebreo 1:1-6
**Juan 1:1-18**

*Solemnidad ng Kapanganakan ng Ating Panginoong Jesus*

*"Hindi siya ang ilaw subalit naparito siya upang magpatotoo patungkol sa ilaw." – Juan 1:8*

# MGA *SPOTLIGHT* LAMANG

"Hindi mo naiintindihan, Bro. Obet, kailangan kong pumunta sa misyon na iyon dahil napagpapala ang mga tao dahil sa akin!"

Aray ko! Nadismaya akong marinig ito mula sa isang batang mangangaral na ginagabayan ko. Wala akong duda sa malaking kakayahan niyang mangaral tungkol sa Salita ng Diyos, pero gumagapang na sa kalooban niya ang kapalaluan. Kinailangan ko siyang harapin. Makapaghihintay ang mga misyon pero ang pagkilos ng Diyos sa katauhan niya ay hindi.

Ang nagdulot sa akin ng dobleng "aray" ay nakita ko ang sarili ko sa kanya. Naririyan lang lagi ang kapalaluan, umaaligid para lamunin ako. Para sa akin, ang paghahayag ng Salita ng Diyos ang pinakamahalaga sa lahat ng mga misyon, pero ito rin ang may kakabit na pinakamaraming tukso. Tatlong G iyon: *glory* (katanyagan), *gold* (ginto) at *girls* (mga babae). (Kung babae ang preacher, *guys* naman.)

Maraming naglilingkod sa Diyos ang nagsisimulang mapagpakumbaba at nagiging *superstar* sa huli. Ang solusyon? Ang sinabi ni San Juan Bautista: Ang maging *spotlight* lamang at ipakita si Jesus sa lahat nang hindi umaagaw ng pansin.

Ang tunay na misyonero ay hindi lang basta tumatawid ng mga dagat kundi taglay rin niya ang Krus. *Obet Cabrillas (kpreacherobet@gmail.com)*

Pagninilay: "Gayundin naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at papurihan ang inyong Ama na nasa langit." (Mateo 5:16)

*Gawin Mo akong tagapaglingkod, mapagpakumbaba at matiisin. Panginoon, pahintulutan Mo akong itaas ang mga nanlulumo.*

***Sta. Eugenia, ipanalangin mo kami.***

**26**
LINGGO
**DISYEMBRE**

Ecclesiastico 3:2-6, 12-14
Salmo 128:1-2, 3, 4-5
**Mga Taga-Colosas 3:12-21**
Mateo 2:13-15, 19-23

*Kapistahan ng Banal na Pamilya*

*"Turuan ninyo at paalalahanan ang isa't isa nang may buong karunungan. " – Mga Taga-Colosas 3:16*

## TEACHER MAE

Siguro nga habang tumatanda, tayo ay nagiging marunong... totoo ito para sa akin.

Pagkatapos ng mahabang panahon, nagbalik-eskuwela ako nang may sadyang dahilan at nalaman ko na nag-iba na ang pananaw ko sa pag-aaral. Pakiramdam ko hindi sapat ang pagsasaulo ng mga paksa na ibinibigay ng aking mga [mas nakababatang] guro. Gustong kong malaman kung paano ko magagamit ang mga paksa kapag ako'y nakatapos na. At bigla kong naisip, siguro noong unang kurso ko sa kolehiyo, hindi ako ganoon mag-isip. Noon, kahit anong paksa ang ipaaral sa akin, tinatanggap ko nang walang tanong-tanong.

Estudyante lang ako noon. Ngayon, isa pa akong asawa, ina at sa gusto ko't sa hindi, may mga taong tumitingin sa akin bilang isang halimbawa. May ilang taon pa bago ako maging isang ganap na guro ng mga batang may espesyal na pangangailangan pero ngayon pa lang, ipinapanalangin kong maging ulirang asawa at ina ako. *Mae Ignacio (maemi04@aim.com)*

Pagninilay: "May natututunan ba ang ibang tao sa kung paano ako namumuhay?"

*Ama, turuan Mo po akong maging isang magandang halimbawa sa ibang tao.*

***San Neol Chabanel, ipanalangin mo kami.***

**27**
LUNES
**DISYEMBRE**

1 Juan 1:1-4
Salmo 97:1-2, 5-6, 11-12
**Juan 20:1a, 2-8**

*Kapistahan ni San Juan, ang Apostol*

*Nakita niya ito, at siya'y naniwala. – Juan 20:8*

# MANGAMBA O MANAMPALATAYA?

Ang bilis lumipas ng panahon. Lumang kasabihan, pero totoo ito. Para sa karamihan sa atin, nagising tayo isang araw at nagulat na buwan na pala ng "bre" (Setyembre, Oktubre). Pagkatapos ay dumating ang araw na ito at huling linggo na pala ng 2010. Parang dumaan lang ang Disyembre. Ngayon, haharapin na natin ang panibagong taon. Isipin mo, patapos na ang isang dekada ng ika-21 siglo.

Sa pagdating ng bagong taon, nangangamba tayo dahil hindi natin alam kung ano ang haharapin nating mag-isa. Lalo na't maraming dapat ipangamba: ang di-tiyak na takbo ng ekonomiya, mga isyu sa kalusugan, magulong politika, atbp. Maaari mong tingnan nang ganito. O maaari rin nating ituring ang bagong taon bilang isang bagong biyaya mula sa Panginoon na inilalagay Niya sa ating mga kamay. At tinitiyak Niya sa atin na alam Niya ang magaganap at napagtagumpayan na Niya ang mga pagsubok sa hinaharap, at makakasama natin Siya sa bawat araw sa 2011.

Ipinaaalala sa atin ng Ebanghelyo ngayon ang pagkakaiba ng mapanampalataya sa walang pananampalataya. Ang walang pananampalataya ay nangangamba sa nakikita niya. Tayo, nakikita natin — at tayo'y naniniwala. Ano ang pipiliin mong gawin? *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Naniniwala po ako! Tulungan po Ninyo akong madagdagan pa ang aking pananampalataya." (Marcos 9:24)

*Palakasin Mo ako, Panginoon, sa pamamagitan ng pagtulong sa akin na matanto na ang mga pinangangambahan ko ay likha ng limitado kong pag-iisip — at Ikaw ay walang hangganan!*

***Sta. Fabiola, ipanalangin mo kami.***

**28**

MARTES

**DISYEMBRE**

**1 Juan 1:5-2:2**
Salmo 124:2-3, 4-5, 7b-8
Mateo 2:13-18

*Kapistahan ng mga Banal na Inosenstes*

*Kung sinasabi nating tayo'y may pakikiisa sa Kanya ... nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay ayon sa katotohanan. – 1 Juan 1:6*

## KAIBIGAN NIYA?

May tumawag sa telepono ko at babae ang nasa kabilang linya. Sumagot ako sa pag-aakalang kilala ko siya. Pagkaraan ng ilang minuto ng pag-uusap, ipinaliwanag niya kung bakit siya nasa Pilipinas at pagpasensyahan ko raw muna siya't iba ang boses niya dahil may problema siya sa lalamunan. Tinanong niya ako kung maaari ko siyang ibili ng *load* dahil hindi siya makalabas ng bahay at wala ang katulong niya. Hindi ko maintindihan kung bakit mahirap iyon para sa kanya gayong alam kong malapit ang bahay ng kaibigan ko sa kung saan-saan. Hindi rin ako sigurado kung saan ako bibili ng *load* kaya sinabi ko na papasahan ko na lang siya ng kaunting halaga.

Pagkatapos kong gawin iyon, nagplano kaming magkita kinabukasan. Naghintay ako sa lugar ng tagpuan namin. Hindi siya sumipot. Noon ko lang natanto na naloko ako ng isang di ko kilala na nagpanggap na kaibigan ko.

Oo, para akong walang muwang. Pero napagtatanto ko ngayon na naging tulad na rin tayo ng "kaibigan" kong iyon sa pakikipag-ugnayan natin sa Diyos. Sinasabi nating kaibigan Niya tayo pero kadalasan, para tayong mga kaaway Niya dahil napagtataksilan natin siya sa pamamagitan ng mga ikinikilos natin.

Talaga bang tunay na kaibigan ka Niya? Pag-isipan mo. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

Pagninilay: "Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, at sa oras ng kagipita'y kapatid na tumutulong." (Mga Kawikaan 17:17)

*O Panginoon, ikubli Mo ako sa mga pagkagawi kong mataksil sa Iyo. Tulungan Mo ako maging tapat.*

***San Troadio, ipanalangin mo kami.***

**29**

MIYERKULES

**DISYEMBRE**

1 Juan 2:3-11
Salmo 96:1-2a, 2b-3, 5b-6
**Lucas 2:22-35**

*"Sina Jose at Maria ay pumunta sa Jerusalem. Dala nila ang sanggol na si Jesus upang ihandog sa Panginoon." – Lucas 2:22*

# HANDOG SA DIYOS

Paniwala namin ng asawa kong si Thelma na ang layunin ng pagiging magulang ay ang pagpapalaya sa aming mga anak matapos namin silang hubugin at ihanda sa buhay. Itinuturing naming natutupad ang misyong ito sa paghahatid namin sa kanila sa altar sa araw ng kanilang kasal.

Natanto ko ngayon na tulad nina Jose at Maria, maaari ko rin palang tingnan ang pagbibigay namin sa anak namin sa magiging kabiyak niya ay isang paghahandog sa Diyos at pagsasabi ng, "Narito siya, Panginoon. Natupad na ang aming katungkulan at naihanda na namin siya sa buhay. Tanggapin at gabayan Ninyo siya sa panibagong landas na kanyang tatahakin kasama ang kanyang magiging asawa."

Malapit na kaming maghandog muli ni Thelma ng anak sa kasal. Bagama't mabigat sa aming puso, ang aral na ito sa paghahandog ng anak sa Panginoon sa sakramento ng kasal ay nakagagaan ng kalooban namin. *Danny G. Mendiola (dmendiola22@yahoo.com)*

**Pagninilay:** Paano natin inihahanda ang ating mga anak sa buhay na kanilang tatahakin? Ito ba ay para sa ating makasariling layunin o para sa Diyos?

*Panginoong Diyos, tulungan Mo kaming maunawaan na ang aming layunin bilang mga magulang ay ang mapalaki ang aming mga anak upang ibalik silang muli sa Iyo bilang aming handog.*

***San Trofimo ng Arles, ipanalangin mo kami.***

**30**
HUWEBES
**DISYEMBRE**

**1 Juan 2:12-17**
Salmo 96:7-8a, 8b-9, 10
Lucas 2:36-40

*Ang lahat ng nasa sanlibutan, ang masasamang nasa ng laman... ay hindi nagmumula sa Ama kundi sa sanlibutan... – 1 Juan 2:16-17*

# HINDI IKINATUTUWA

Pinagmalaki ko sa sarili ko ang kakayahan kong lusutan ang isang sitwasyon. Noong nasa *high school* ako, sumali ako sa isang paligsahan ng *extemporaneous speech* kung saan, sa dismaya ko, ay nakabunot ako ng tanong na hindi ko alam sagutin. Hindi ko nabasa ang bahagi ng materyal kung saan nakasaad ang sagot.

Pero hindi ako agad sumuko. Kaya't nanalumpati ako at ginamit ko ang oras na ibinigay sa akin. Nagbanggit ako ng mga bagay na nalalaman ko maliban lang ang tamang kasagutan. Siyempre, hindi ako nagmukhang kahiya-hiya kahit na hindi ako nanalo.

Ibang-iba talaga noong una akong dumalo sa *Bible study*. Habang nagbukluran kami sa mga maliliit na grupo pagkatapos ng katuruan, sa unang pagkakataon sa buhay ko ay wala akong maibahagi tungkol sa paksa. Noon ko natanto na ang lahat ng katalinuhan ko'y walang sinabi sa karunungan ng Diyos. Kahit nag-aral ako sa paaralang Katoliko, hindi ko kilala ang Biblia, lalo na si Jesukristo.

Hindi ikinatutuwa ng Diyos ang mga nakamit natin dito sa mundo na karangalan, posisyon at kayamanan. Ang ikinatutuwa Niya ay ang pusong naglalayong makamit Siya at tularan ang Kanyang mga pamamaraan. *Rissa Singson-Kawpeng (justbreatherissa@gmail.com)*

**Pagninilay:** "Ang tagumpay na walang Diyos ay nagdudulot lamang ng mga panandaliang kaibigan at tagahanga." (Spiros Zodhiates)

*Panginoon, huwag Mo akong pahintulutang pagsikapan ang mga walang kuwentang bagay na naglalayo sa akin sa Iyo.*

***San Sabino, ipanalangin mo kami.***

# 31
BIYERNES
**DISYEMBRE**

1 Juan 2:18-21
Salmo 96:1-2, 11-12, 13
**Juan 1:1-18**

*Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan Niya. – Juan 1:3*

## UTANG NA LOOB MO KAY JESUS

"Ang buong pagkatao ko, ang lahat ng dumating sa akin sa buhay ko, ay utang na loob ko sa iyo. Hindi ako magiging ganito kung hindi ako nakadama ng payapang kaligayahan mula sa pagkakaisa natin." Isinulat ito ni dating US President Woodrow Wilson sa asawa niyang si Ellen. Nakakainggit, 'di ba?

Pero alam mo, ang ugnayan natin sa Ama natin sa langit ay isa ring kuwento ng pag-ibig. Mas magiliw, mas nakaaantig kaysa sa ibang kuwento ng pag-ibig. Idinaan ng Diyos sa Kanyang walang-hanggang karunungan ang lahat kay Jesus. Sa kuwentong ito, kinikilala ba natin ang natatanging papel ni Jesus sa buhay natin? Pinasasalamatan ba natin Siya sa bawat mabuting biyayang dumarating sa atin? Sa mga talino natin? Sa pang-araw-araw nating pamumuhay? O nagsasariling sikap tayo, at kinikilalang atin lang ang lahat ng mga natupad natin?

Kahanga-hanga na ang isang matagumpay na lalaki gaya ni Woodrow Wilson ay pinahalagahan ang pagkakaisa nila ng asawa niya bilang pinagmulan ng kanyang tagumpay. Umaasa akong pinasalamatan din niya ang Panginoon.

Magpasalamat tayo sa Panginoon para sa lahat ng biyaya Niya sa atin, at huwag tayong mahiyang ibahagi sa ating kapwa ang tungkol dito. *Joy Sosoban (jsosoban@gmail.com)*

**Pagninilay:** "Mangaral ka sa paraang tila hindi ka na makapapangaral muli, tulad ng isang taong mamatay na sa kapwa niyang mamamatay na rin." (Richard Baxter)

*Nakalimutan ba Kitang kilalanin, Panginoon, bilang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting bagay sa buhay ko? Sarili ko lang ba ang pinuri ko? Patawad, Panginoon.*

***Sta. Melania, ipanalangin mo kami.***

# GABAY WRITERS PROFILE



Bo Sanchez
Catholic Lay Preacher
and Author
bosanchez@
kerygmafamily.com



Jon Escoto
Corporate Training
Consultant
faithatworkjon@gmail.com



Rissa Singson-Kawpeng
Writer and Editor
justbreatherissa@gmail.com



Lallaine Gogna
Dentist
lallygogna@yahoo.com



Alvin Barcelona
Preacher, School Owner
alvinbarcelona@gmail.com



George Gabriel
Writer/Theater Performer
george.svp@gmail.
com



Obet Cabrillas
Director, Ympact & Radical
Training Course
kpreacherobet@
gmail.com



Hermie Morelos
Preident, SVRTV, VP-GM,
Equipment Engineers Inc.
hrm9224@yahoo.com



Arun Gogna
Retreats and Training
Specialist, Christian
Author & Artist
gognaa1@yahoo.com



Chelle Crisanto
SVRTV Administrator
and Coordinator for External Affairs
ellehcmaria@yahoo.com

# GABAY WRITERS PROFILE



Nova Arias
Voice Actor/Radio Anchor
nova.svp@gmail.com



Joy Sosoban
Writer/Editor
jsosoban@gmail.com



Tess Atienza
Managing Editor/Writer
svp_tvatienza@yahoo.com



Judith Concepcion
Freelance Writer and
Sales Counselor
svp_jmc@yahoo.com



Jane Gonzales
Freelance writer
mjsg2468@yahoo.com



Dina Pecaña
Freelance Writer
dpecana@yahoo.com



Mari Sison-Garcia
Professor and Sales Director
mari_sison_garcia@yahoo.com



Chay Santiago
Magazine Editor and
College Lecturer
boses2go@yahoo.com



Ariel Driz
Engineering Manager
adriz77@yahoo.com



Alvin Fabella
IT Company Manager
alvinfabella@yahoo.com



Rolly España
Businessman
rolly@homeliving.com.ph



Donna España
Real Estate Broker
donna@homeliving.com.ph

# GABAY WRITERS PROFILE



Jun Asis
eLearning Professional
mabuting.balita@gmail.com



Tina Matanguihan
Web Designer
tina.matanguihan@gmail.com



Cecilia Lim
IT Projects Coordinator
cez_lim@yahoo.com



Beth Corral
Subscription Officer
bethcorral_0330@yahoo.com



Marie Franco
Process Excellence Manager
rfranco@lts.jnj.com



Cristy Galang
Psychologist/Counselor
cristy_cc@yahoo.com



Ronna Ledesma
Dentist
ronnaledesma@email.com



Jomar Hilario
Internet Marketer
jomar.hilario@gmail.com



Annette Flores
Industrial Engineer
annette_abad_flores@yahoo.com



Dr. Henry L. Yu
Physician
henrio_md@yahoo.com



Sol Saura
LOJ Member
solmsaura@gmail.com



Carlo F. Lorenzo
TV News Reporter
cflorenzo@gmanetwork.com

# GABAY WRITERS PROFILE



Jess Santos
Businessman
jesus_santos_07@yahoo.com



Danilo G. Mendiola
Pastoral Counselor
dmendiola22@yahoo.com



Grace Princesa
Phil. Ambassador to the United Arab Emirates
grprincesa@yahoo.com



Mary Mae M. Ignacio
Oracle Consultant/Mother
maemi04@aim.com



Ma. Luisa dela Cruz
Pasig Feast Intercessory Ministry Servant Head
ma_luisa2004@yahoo.com



Eugene A. Cailao
Session singer/ Vocal Coach
eugenecailao@gmail.com



Mirella Santiago
Writer/Editor of Proudly Filipina.com
mirellasantiago@yahoo.com



Bay Cabrera
Finance Executive
baycabrera@yahoo.com



Danny Tariman
Information Technology Manager
danny@dtariman.com